


BATAS O BIYAYA

 Magandang gabi, mga kaibigan. Buweno, natutuwa po ako na makaparito ngayong gabi. At ako. . . ang dahilan kung bakit po ako nahuli nang punta, ako kasi'y. . . Siyanga, gaya ng sabi ni Kapatid na Neville, ako'y—ako'y nahuli. Pero, kung ano po ang dahilan nun, ako kasi'y. . . Nung isang araw ang sabi ko, sa iglesya, alam n'yo, ang sabi ko, “Buweno, susubukan ko na lang na umiwas sa mga pagtawag at mga bagay.” Pero di ko naman po puwedeng gawin 'yan. At kaya heto po na kaaalis ko lang sa ospital, mga ilang ospital dito sa Louisville, mga ilang minuto pa lang, sa isang agarang tawag na dapat tugunan. Kaya 'yan po ang dahilan at nahuli ako nang kaunti. Sakto naman sa oras 'yung pagparito ko. Pero, at heto nga ako. . . ang asawa ko, sa tingin ko, tinawag niya ako't binanggit sa akin 'yung tungkol dun. Sa palagay ko, si Kapatid na babaing Ruddell ay dadalo rito ngayong gabi, at may sakit, din. At siyanga't di ko gusto na mabalitaan 'yun.

² At kaaalis ko lang mula sa pinsan ko sa Louisville, naiakay ko siya kay Cristo nito-nito lang, isa ngang mainam na bagay. At—at isa po 'yung teribleng sakit, isa pong Hodgkin's disease, at maaaring ikamatay anumang oras. Nananampalataya ako na ang Diyos ang nagpagaling sa kanya, nang magdamag.

³ Mangyaring ang apong lalaki ni Kapatid na Jim Wiseheart ay nakaratay ngayon na may ganoon ding sakit, sa Veterans Hospital, at 'yung Hodgkin's disease po raw ay umabot na sa may puso at sa parteng dibdib, kaya alam n'yo ang ibig sabihin nun na kakaunti na lang talaga. Wala na silang magagawa pa roon, pero alam nila na ang tanging pag-asa nila ay sa Diyos.

⁴ Ako'y kinakailangan ding pumunta ng Milltown, ngayong gabi. Si Busty Rogers, kung naaalala n'yo siya, dumadalo siya rito. Marami sa inyo ang nakakakilala kay Kapatid na Rogers. Nasa malubhang kalagayan po raw siya, tumatawag po, buong maghapon, para pumunta ako.

⁵ At si munting Georgie Carter sa dako ring 'yun, gaya ng nabalitaan nila, pinagaling noong mga labing-dalawa, labing-apat na taon na ang nakalilipas, naratay sa higaan nang siyam na taon at walong buwan, at di man lang makabangon mula sa pagkakarawat. At sa dakong 'yun isang beses. . . Ipinanalangin ko na siya noon nang mga ilang beses na rin. At lumabas ako isang gabi, at nagpunta ako sa isang dako para manalangin. At ang Panginoon ay bumaba, may munting Liwanag na suminag sa dahon-dahon ng halamang korneho, sabi, “Magpunta ka sa daan papunta kina Carter, para sa kagalingan ni Georgie. Siya ay gagaling.” Alam n'yo po 'yung istorya, di po ba? [Sinasabi ng

kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sa lahat ng mga taon na ito na nagdaan, di nga siya naratay sa higaan, ni kahit sa malubhang sipon, sa palagay ko, mula noon.

⁶ At nabalitaan namin na siya’y mamamatay na po raw, dahil sa kanser sa kanyang dibdib ngayon. At tumatawag po siya. Nabalitaan niya na nakabalik na ako. Sabi nila’y parang suko na sana siya. Tumayo siya sa pagkakaratay para tanggapin ang kanyang kagalingan; kaya bibisitahin ko lang po siya. Bukas na po ang huling araw ko rito; kinakailangan kong umalis. Kaya, patong-patong na ang mga tawag, na mga *ganito* na, kaya di mo rin malaman kung anong gagawin. Kinakailangan mo lang talagang gawin ang abot ng makakaya mo.

⁷ Pero ang pinaka mahalagang bagay, gaya ng pagkakasabi ng kapatid na lalaki, ang pinaka mahalagang bagay na dapat gawin, ay talikuran ang lahat para sa pakikipagbuklod mo kay Jesus Cristo. Lahat ng bagay! Dahil, mangyaring, nagagawa nating asikasuhin ang isa’t isa, at pagkatapos ay napapalayo naman tayo kay Cristo, kita n’yo. Kaya mas gugustuhin kong gumugol ng marami’t maraming panahon sa pakikipagbuklod sa Kanya, para mas matulungan ang iba. Tama ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

⁸ Kaya napakainam na—na makaparito ngayong gabi para sa munting gawain na ito ng pananalangin, na nakapagtipon tayo rito ngayon ng Miyerkules ng gabi. At nakalimutan ko lang na banggitin sa kanya ’yung tungkol sa pagtuturo ngayong gabi. Kaya, heto, nagpunta ako rito ngayong gabi at may bagay lang na nabuksan sa akin ngayon. Kaya, sa daan papunta rito, at nakasindi ’yung mga ilaw sa kotse ko, kumuha ako ng isang bagay rito kung saan ako huminto sa pagtuturo ng Lingguhang aralin, di pa katagalan, dito sa Aklat ng Mga Hebreo, para sa gabing ito.

⁹ Sa palagay ko ’yung huling beses na nakapagturo ako ng Lingguhang aralin dito, oh, bago mag-ibayong dagat, huminto ako rito sa Mga Hebreo sa ika-10 kabanata. Naaalala ko pa ang pagbasa rito, at naglagay pa ako ng tanda rito, sa ika-18 talata, “para sa susunod na Linggo,” at ’yung susunod na Linggong ’yun ay di pa dumarating. Kaya siguro’y magpapasimula tayo rito, ngayong gabi, para sa magiging aralin natin sa gabing ito.

Pagpalain kayo ng Panginoon. At gunitahin n’yo po ang lahat ng ito sa pananalangin.

¹⁰ May isang binibini na nagsabi sa akin, kani-kanina lang, nung dumating ako. May matagal na akong kaibigan, na galing sa ospital, o naroon pa po raw sa ospital, ang ibig kong sabihin, at katatapos lang ng pag-oopera sa kanya. Si Bill Grant po ng mga kapulisan dito, isang butihing kaibigan ko, na naglilimbag nitong mga litrato’t mga bagay; nasa ospital, na may agarang dapat tugunan sa kanya.

¹¹ At—at nakatagpo ko rin ang kapatid na lalaki ni Kapatid na Slaughter diyan sa likuran. Nabanggit sa akin ni Gene, sa palagay ko, na nagpabalik-balik siya sa ospital nang dalawang beses na. At talagang sari-saring karamdaman sa kung saan-saan, alam n'yo. Walang humpay, halos. Pero sabi niya . . .

¹² Alam n'yo, lagi ko ngang binubulay, noong pangunahan ni Moises ang mga anak ni Israel sa ilang. Nung ilabas niya sila, nasa dalawang milyong katao 'yun. Mga bata't matatanda po 'yun, sama-sama. At pinangunahan niya sila nang apatnapung taon sa ilang. Ngayon isipin n'yo nga kung paano, ngayon, na sa ilang na 'yun ay walang—walang serbisyong pangsanitasyon na mayroon tayo sa panahon ngayon. At sila, hayon din, na wala rin ilang. . . . May mga bata, at marami pong mga batang musmos sila roon. Ilan sa palagay n'yo ang naipapanganak sa isang gabi, kung may dalawang milyong katao kayo? At hayon din, na liban pa roon, kasa-kasama nila roon ang lahat ng mga matatanda, at may mga pilay at lahat na. At pinangunahan niya sila nang apatnapung taon, sa ilalim ng pangunguna ng Diyos. Sa ilang nang apatnapung taon, at, nung lumabas sila, wala ni isa ang nanghihina sa kalagitnaan nila.

¹³ Hindi po ba't may pag-aasam kayo na silipin ang lalagyan ng gamot ni Dr. Moises, ngayong gabi, para makita kung ano 'yung mayroon siya dun na nagpapaging—nagpapaging mainam sa kalagayan nila? Gusto n'yo po bang silipin 'yun ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Maipapakita ko po sa inyo. Balikan po natin ito ngayon sa Exodo, at ipapakita ko sa inyo rito kung saan. Ito po 'yung lalagyan niya ng gamot. Ipapakita ko sa inyo kung anong sinabi niya rito. Sisilip tayo mismo sa lalagyan ng gamot niya, at titingnan ko kung ano ang sinasabi rito.

¹⁴ Kapag may sanggol na ipangananak, kapag may isa na may appendicitis, o tinamaan ng TB, o anumang gaya nun, heto po ang reseta na binasa ni Moises, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Yun lang ang mayroon siya roon. "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Ngayon, 'yun lang ang mismong mayroon siya. Uh-huh. Pero sadyang sapat 'yun, di po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang sabi ni Moises, "Ngayon, ang Panginoon ang Siyang nagpagaling sa inyo." At ipanalangin nila 'yung tao, at gumagaling ang tao.

¹⁵ At alam n'yo ba kung ano pang ibang bagay ang nangyari roon nung panahon na 'yun sa may ilang? Di nga nila kailangan ng anumang bagong panyapak nung magpunta sila roon, at maging 'yung mga kasuotan nila ay di naluluma. Apatnapung taon sa ilang na iisa lang ang gamot, iisang reseta, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ng inyong sakit." At ginawa Niya 'yun dahil pinanghawakan nila Siya sa Kanyang Salita, at talagang naalpasan nila ang bawat . . .

¹⁶ Alalahanin n'yo, ngayon, na naturuan sila noon. Nakasama nila ang mga taga-Egipto, na talagang matatalino. Wala nga tayong mga doktor, sa panahon ngayon, na kasing tatalino ng mga doktor nila noon. Haya't, may mga bagay silang nagawa noon, na nagpapatunay na di man lang tayo dumikit sa antas nila, maski ngayon, sa siyensiya. Katulad na lang ng, nagtayo ang mga taga-Egipto ng. . . Mga ilang araw lang ang nakalipas, dumaan ako mismo sa sphinx na naroon, at nakita ko talaga kung gaanong kalaki ang bagay na 'yun.

¹⁷ At 'yung mga piramide, aba, nagtataasan, na lampas isang seksyon ng siyudad ang taas, sa ere, tone-tonelada 'yun. May mga bato pa nga roon na kasing laki halos ng tabernakulong ito. Di nila magagawang ilagay 'yun doon sa itaas sa panahon ngayon kahit na subukan man nila. Kaya, may ibang paraan sila noon para magawa 'yun.

¹⁸ At heto rin, 'yung sphinx, sa palagay ko kinakailangan ng labing-anim na talipya ng tren para ilatag 'yung binti pa lang nun. Paano pa kaya 'yung katawan nun? At talagang ang taas-taas nun. Papaano nila 'yun naiakyat dun? Kita n'yo, sila'y—sila'y mga tao na may mga lihim, na kaalaman na wala tayo sa panahon ngayon. Sa palagay ko'y mayroon din naman tayo, pero di lang ganoong kaunlad sa mga bagay na ito, na atomika o parang ganoon; dahil, 'yung puwersa ng kuryente, o dahil di kaya ng ganoon lang na puwersa, na iangat 'yun. Pero nagawa nilang itayo 'yun noon.

¹⁹ At 'yung piramide, 'yung malaking piramide na naroon, sa pamantayang heograpiko, ay sadya pong nasa sentro mismo ng mundo; na saan man pumuwesto ang araw, wala 'yung anino sa paligid nun. Sa pag-iinhinyero, marami pa tayong. . . malayo pa ang babagtasin natin, para maikumpara sa kanila. At, ang isipin, na higit limang libong taon na ang nakararaan noon, na mayroon na silang ganoon noon.

²⁰ Kaya, doon, nasumpungan nila ang Biblia, na sadyang siya ring Biblia naman dito sa ngayon, na naisulat, pero dun ay sa anyo ng mga sukat at iba pa, na mga sukat ng Ebanghelyo at ng Kasulatan, gaya ng pagkakatataglay natin Dito ngayon. Inilagay 'yun ni Enoc dun, maraming-maraming taon ang nagdaan bago ang pangmalawakang pagkagunaw sa baha.

²¹ At, kung ganoon, ang Diyos ay nagsulat ng tatlong Biblia. Ang paggawa mismo ng Diyos sa mga bagay-bagay ay tatluhan. Nagsulat Siya ng tatlong Biblia. May tatlong pagparito Siya ni Cristo. May tatlong dispensasyon ng biyaya. May tatlong persona sa pagka-Diyos. . . o tatlong pagpapahayag ng iisang Persona ng pagka-Diyos, ang ibig kong sabihin. At lahat nga ng mga bagay na 'yun. Kita n'yo?

²² Ngayon, katulad nga ng pagparito ni Jesus noong unang beses, Siya nga'y naparito na minsan (di po ba't Siya?), Siya

ay pumarito para tubusin ang Kanyang Nobya. Paparito Siya sa ikalawang pagkakataon para tanggapin ang Kanyang Nobya, agawin siya pataas, ang pagsasalubungan sa himpapawid. At paparito para sa ikatlong pagkakataon na kasama na mismo ang Kanyang Nobya, bilang Hari at Reyna.

²³ Kita n'yo? Kaya naman, ganoon, na may tatlo rin, tatlo sa pagpapahayag ng Diyos. Inihayag ng Diyos ang Kanyang Sariling unang beses sa pagka-Ama, noong pangunahan Niya ang mga anak ni Israel. Ang sumunod na pagpapahayag ng Diyos sa Sarili Niya ay sa pagka-Anak, ang Panginoong Jesus Cristo. Ang ikatlong beses na inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili, ay dito sa atin ngayon, ang Espiritu Santo. Kita n'yo, tatlong pagpapahayag. Ang lahat ay tatluhan.

²⁴ Ngayon dumako na tayo sa ating aralin. Ilan po ang nais na basahin ang Biblia, at sadyang. . . [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, ako ma'y gustung-gusto ko Ito.

²⁵ Loobin ng Diyos, sa pagbalik ko. . . Ako po'y may. . . may pupuntahan lang para makapagpahinga, nang mga sanglinggo o dalawa. Nang sa gayon, sa pagbalik ko, loobin ng Panginoon, gusto ko pong magdaos ng rebaybal dito sa tabernakulo, ng pagtuturong rebaybal. At kukuha tayo ng isang bahagi rito sa Biblia, at tutugaygay tayo nang husto sa ating. . .

²⁶ Kung maaalala n'yo, ilan sa mga datihan dito ang naaalala pa noong tinalakay natin 'yung Aklat ng Exodo, at tinugaygay 'yun nang mga ilang buwan at ilang buwan, na di tayo umaalis sa Exodo?

²⁷ Minsan nga'y tinalakay ko 'yung Job, at di umaalis dun. Naaalala n'yo ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] May binibini na sumulat sa akin ng liham, sabi, "Kapatid na Branham, kailan mo aalisin si Job dun sa bunton ng abo?" Ako nga'y matagal na naglumagi sa isang paksa na 'yun, kaawa-awa ngang matandang Job, naroon sa may bunton ng abo, alam n'yo. Haya't lahat ng mga kaibigan niya'y tinalikuran siya, siya nga'y tadtad ng mga pigma't lahat na. Talagang naaawa ako sa matandang lalaking 'yun, hanggang sa ako. . .

²⁸ At, pagkatapos, ganoon na lamang na ibinuwelta ng Diyos ang pangyayari't pinagpala siya, dahil nabuhay siya sa abot ng mainam niyang nalalaman, sa ilalim ng—ng haing sinunog. Yun lang ang lubos niyang nalalaman, at siya. . . para ipagtapat ang kanyang pagkakasala. At kanya pang tinitipon ang kanyang—kanyang mga anak, at maghahandog, magsasabi, "Marahil sila ay nakapagkasala nang lihim, at di nila 'yun alam." Ganoon na lamang siyang kadedikadong tatay, at ipinagkaloob muli ng Diyos ang mga anak na 'yun muli, sa huli. Alam n'yo po ba?

²⁹ Heto't, gusto kong tanungin kayo ng isang bagay patungkol diyan. Naalala pa ba n'yo kung papaanong ipinanumbalik ng Diyos ang mga anak niya? Ngayon, alalahanin n'yo, dobleng

bilang ang ipinagkaloob Niya sa kanya. Libo-libong mga baka ang mayroon siya noon sa una; noong bawiin ang lahat ng 'yun sa kanya, dinoble ng Diyos 'yung mga baka. Noong ganoon din ang nangyari sa mga tupa, Kanyang dinoble 'yung mga tupa. Pero kung maaalala n'yo, siya nga'y, sa pagkakaalala ko, may pito o labing-dalawa, nakalimutan ko lang po kung alin dun, na mga anak na lalaki't anak na babae. Pero, siya'y tumanggap ng ganoon ding bilang ng mga anak na lalaki't anak na babae, ipinagkaloob sila ng Diyos sa kanya. Tama po ba? Kita n'yo, dinoble lahat ng Diyos ang bilang ng kanyang mga ari-arian, dito sa lupa. Ngayon, pero ang kanyang mga anak na lalaki't anak na babae, lahat sila na napatay, haya't ipinagkaloob Niya sa kanya ang ganoon ding bilang ng mga anak na lalaki't anak na babae. Napansin n'yo po ba? Naisip n'yo po ba 'yun? Naalala n'yo nung itinuro natin 'yun? Kita n'yo?

³⁰ Saan naroon ang mga anak na lalaki't anak na babaing 'yun? Sa Kaluwalhatian, naghihintay sa kanya. Kita n'yo? Kanyang ipinagkaloob sa kanya, ang bawat isa sa kanila. Kita, n'yo, wala ni isa sa kanila ang nawaglit. Kita n'yo? Ang siya ring bilang ng mga anak na lalaki't anak na babae na itinakda Niya nung una, Kanyang itinakda ang ganoon ding bilang nung sa huli. Pero dinoble Niya ang bilang ng kanyang mga tupa at mga baka, at iba pa, katulad ng nangyari. Pero ang lahat ng kanyang mga anak na lalaki't mga anak na babae ay naligtas lahat, naghihintay, sa Kaluwalhatian, na si Job ay mapunta sa kanila. Oh, ang ganda! Sobrang sulit nun, hindi po ba? Sige.

³¹ Aklat ng Mga Hebreo. Si Pablo, sa aking opinyon, si Pablo ay nangungusap sa mga Hebreo, na inihihawalay ang batas sa biyaya. At tayo po'y. . . Marahil babasa lamang tayo ng ilang mga talata, ng—ng unang mga talata ng ika-10 kabanata. Tapos magsisimula tayo uli, kasunod, sa ika-19. Sa palagay ko'y ang lahat. . . Tingnan po natin.

. . . ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan ng mga bagay, ay di maaari na sa pamamagitan ng mga hain. . . na laging inihahandog nang. . . taon-taon ay kailan pa man magpapasakdal sa—sa mga nagsisilapit.

³² Ngayon, sa tingin ko, kung tutugaygayin pa natin itong unang bahagi nang direktso, si Pablo'y sinisikap niyang sabihin dito sa kanila, na ang lumang mga kautusan ay anino ng mga bagong bagay na parating. Ngayon, sila, ang anino ay isang. . .

³³ Halimbawa lalakad ka sa direksyon ng pader, o sa gawi rito, na matatamaan ka ng ilaw mula sa likod, makikita mo nga na may anino ka na lilitaw sa harapan mo. Kung papunta ka naman sa direksyon ng araw na palubog, ang anino mo nama'y lilitaw sa likuran mo.

34 Ngayon pansinin, “Lahat ng mga kautusa’y anino lamang ng mga bagay na parating.” Kita n’yo, isa lamang pong anino. Ngayon, sa ilalim ng lumang dispensasyon, sinisikap na sabihin dito ni Pablo na’yung pagtutuli sa kanila, sa mga kalalakihan, sa laman noon, ay tipo ng pagtutuli sa puso, ng Espiritu Santo sa panahon na ito. Yung pagsunod nila sa mga kautusan nung una roon, na nakasulat sa mga tapyas ng bato. Haya’t sa huling mga araw, sinabi ng Diyos na Kanyang isusulat ang mga Ito sa tapyas ng laman ng kanilang puso.

35 Ngayon, ang tanging bagay na mayroon sila noon, haya’t alam nila na maling. . . “Huwag kang magnakaw.” Nakita nila mismo’yun sa kautusan. At’yung batas ay inilagay dun, para magdala—para magdala ng pagkakasundo. Dahil, kung walang batas, buweno. . .kung walang—kung walang batas, wala ring kasalanan. Dahil kung di maling. . .

36 Kung walang batas dito sa bayan natin, na nagsasabi na di ka puwedeng magtuluy-tuloy kung pula ang ilaw, na di mo puwedeng gawin’yung *ganito*; haya’t, magtuluy-tuloy ka man sa pulang ilaw, di ka nakagawa ng mali, dahil walang batas na nagsasabing ganoon dapat.

37 Hayan nga’t ibinunsod ng batas ang kagalitan, o ibinunsod na masilayan ang kasalanan. Kita n’yo, wala silang. . .Ginawa man nila ang mga bagay na’yun sa ilalim ng. . .bago ang batas, at di sila nagkasala sa ganoon dahil walang batas na nagsasabi na ang mga’yun ay kasalanan. Pero nung dumating ang batas, inilagay ang batas hanggang sa dumating ang kasakdalan.

38 Ngayon, ang tao nga’y laging nagsisikap na makasumpong ng bagay na magliligtas sa kanyang sarili sa pamamagitan nun. Ganoon na ganoon mapasa hanggang ngayon ang ginagawa ng tao; di siya tumitigil.

39 Sa India, nung sanglinggo, may mga tao roon na mga ganap na bulag, na tumatanaw sa araw, sinisikap na makasumpong ng kapayapaan sa kanilang kaluluwa. Yung mga iba dun ay kay hahaba ng mga kuko na umabot na sa likod ng kanilang mga kamay ang pagkakatubo, nang *paganoon*, na sinisikap na makasumpong ng kapayapaan para sa kanilang kaluluwa. Sabi pa nga’y di nila ibinababa ang kanilang kamay, at nakataas po raw’yun nang apatnapung taon, sinisikap na makasumpong ng kapayapaan. Yung mga iba’y sunog na sunog ang mga paa na natutuklap na, halos, na ipinanglalakad nila dun sa ibabaw ng maiinit na mga baga, na sinisikap nilang makasumpong ng kapayapaan, para palugurin ang kanilang mga diyus-diyosan. Hihiga pa nga sa bubog, at hayun nga ang mga basag-basag na bote at mga kung anu-ano, hihiga sa mga nakausling patusok-tusok sa mga tabla’t lahat na, sinisikap na makasumpong ng kapayapaan. At wala ngang kapayapaan para sa kanila, dahil ang lahat ng’yun ay pawang pagsamba sa mga diyus-diyosan.

At tayo rito sa Amerika, ni di man lang nating magawa kahit tawid-kalsada na nga lang, para sumpungan ang kapayapaan para sa ating kaluluwa, patungo sa tunay na totoo't buhay na Diyos. Siyanga. Pero, ang lahat ng mga bagay na 'yun, lahat ng mga paganong ideya na 'yun ng tao!

⁴⁰ Doon sa panahon na 'yun nung una noong ipadala ng Diyos ang batas, at inilagay para ipakita sa atin na ang mga bagay na ito ay kasalanan. Pero, ngayon, 'yang batas na 'yan ay walang kakayahan na iwaglit ang kasalanan. Binibigyang-diin lamang nito ang kasalanan. Kita n'yo?

⁴¹ Dahil, kung walang batas na magsasabi na di mo puwedeng gawin 'yung *ganito*, aba'y, hindi 'yun. . . di 'yun. . . Magawa mo mang gawin o labagin 'yun, 'yun. . . Di mo nga 'yun nalabag, dahil wala namang batas na malalabag.

⁴² Pero kapag pinatupad na ang batas, haya't ang kasalanan ay pinabunsod na. Tapos sila. . . Sasabihin nila, "Huwag kang magnakaw. Huwag kang mangalunya. Huwag kang gumawa ng pagbibintang." Lahat ng mga bagay na 'yan. Nagagawa nila ito noon, pero di nga 'yun puwedeng ibilang na kasalanan, dahil wala namang batas na nagsasabing paglabag 'yun. Pero heto nga't nung dumating ang batas, pinaisip nito sa tao na di pala siya puwedeng magnakaw, di siya puwedeng magsinungaling, at di siya. . . mangalunya man. At lahat ng mga kautusan na 'yun ay nagbibigay-diin, pero sa kabila nun ay di maiwawaglit ng batas ang kasalanan. Ibinubunsod lang nito sa tao na maisip na kasalanan pala 'yun.

Tapos, nung dumating si Cristo, dumating si Cristo para iwaglit ang kasalanan. Kita n'yo?

⁴³ Ngayon, ang tanging bagay na ginawa ng batas, alam nila na kailangan mismo ang walang kapintasang kahalili na dapat mamatay para sa mga may sala. Nagsimula ang batas na 'yan doon pa mismo sa halamanan ng Eden. At tapos, hayan nga, sila'y mag-aalay ng isang tupa, o guyang baka, o kung ano, at papatayin 'yun, isasaboy ang dugo sa dambana, at kung ano pa; dahil isa 'yung pagtatakip, o handog na panghalili. Pero di nun maiwawaglit ang kasalanan, dahil walang sapat na lakas doon sa buhay ng hayop para bayaran ang buhay ng tao, dahil higit ang buhay ng tao kaysa sa buhay ng hayop.

⁴⁴ Ngayon, heto tayo, na nakaupo rito, ngayong gabi. Marahil may ilan sa atin na Aleman, Irlandes, at iba pa, marahil itim. Sila, di na mahalaga kung sila man ay itim, puti, dilaw, o ano man ang kulay nila, haya't mula sa isang tao tayo nanggaling lahat. Kita n'yo? Pinatunayan na 'yan mismo ng siyensiya, na magpunta ka man sa pinaka maiitim na bahagi ng Aprika at kunin ang—ang pinaka maitim na tao roon na makikita mo, at, kung ikaw ay halimbawa may sakit, uubra na mabibigyan ka niya ng pagsasalin ng dugo. Yung dugo mo'y saktong katulad

nung sa kanya. O, maaari kang magpunta ng Tsina at kunin mo ang pinaka dilaw na tao roon sa Tsina, at uubra na mabibigyan ka nga niya ng pagsasalin ng dugo. Kita n'yo? O, ang pinaka kayumanggi mang tao sa India ay uubra na mabibigyan ka nga niya ng pagsasalin ng dugo. “Ang Diyos, sa pamamagitan ng isang dugo, ay ginawa ang lahat ng mga bansa, lahat ng mga tao.” Pero walang hayop sa buong mundo ang maitutumbas sa dugo ng tao. Kita n'yo? Yung dugo ng mga hayop, bawat isa sa kanila ay iba-iba. Pero ang dugo ng tao ay pare-pareho.

⁴⁵ Ngayon haya't taliwas nga 'yan sa ideya ng ilang mga tao sa mga sinasabi nila, at itinuturo nila sa eskuwelahan, dito, na ang sabi'y galing daw tayo sa buhay ng hayop sa pamamagitan ng ebolusyon. Kung ganoon, dapat uubra na makapagbigay ang hayop sa tao ng pagsasalin ng dugo. Pero ang dugo, ang buhay ng tao, nananangan itong pare-pareho. Pero ang buhay ng hayop, ang ilan sa kanila ay katulad ng ahas, na malamig ang dugo niya; isda, na malamig ang dugo niya; pero ngayon, ang isang oso, malaking usa, o aso, o kabayo, sila'y ibang uri. Wala, wala sa kanila—wala sa kanila ang uubra na magsalin ng dugo, sa isa't isa, dahil lahat sila'y iba-iba. Pero ang tao ay pawang lahat pare-pareho.

⁴⁶ Kaya naman doon sa pag-aalay ng dugo ng hayop, isa—isa lamang 'yung na panghalili sa ilalim ng kautusan, hanggang sa pumarito si Jesus, na di ipinanganak sa pamamagitan ng kahit sinong lalaki. Walang kahit sinong lalaki sa lupa ang Kanyang ama. Nagkaroon Siya ng nanay, at ang nanay ay isang birhen, ang birheng Maria, isang kabataang babae na labing-walong taong gulang. At nililiman siya ng Espiritu Santo, na ang Diyos ang Ama Mismo, at naglikha. Ang Siya Mismong nagsalita na ang mundo ay umiral, sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

⁴⁷ Alam n'yo, nung Linggo, ay natalakay natin 'yun. Kapag ang Diyos ay nagsalita, mangyayari't mangyayari 'yun. Wala ngang kahit anong paraan para takasan 'yun. Sinabi ng Diyos, “Magkaroon,” at magkakaroon talaga. Walang. . . Ang Salita Mismo! At ang Salita'y isang kaisipan. Ang Diyos, noong Siya ay. . . Bago. . . Ang isang salita'y kahayagan ng isang kaisipan. Inisip 'yun ng Diyos sa Kanyang kaisipan; sinalita 'yun para umiral.

⁴⁸ At may pananampalataya tayo na narito sa ating puso, ang pananampalataya ng Diyos na narito sa ating puso, at nakikita ito nang malinaw. Ito'y naging pananampalataya, at kung ating sasalitain ito, haya't ito'y umiiral, siya ring bagay, dahil ang kaisipan ni Cristo ay naroon sa tao. Yun ang nagpapabunsod ng mga kagalingan, at iba pa. Kapag natamo mo 'yung ganap na kapahayagang 'yun, na doon pa lamang sa ginagawa mo, haya't may pagkabatid ka nga kung papaano lumakad. Ganoon nga, dahil 'yun mismo ang Cristianong lakad.

Ngayon, pero ang dugo ng hayop ay di nakapagwawaglit ng kasalanan.

⁴⁹ Pagkatapos nung dumating si Jesus, yamang ang Diyos Mismo, na nahayag sa laman, ang Dugo Niya'y di katulad ng dugo ng sinupamang ibang tao. Bawat isa sa atin, propeta man, dakila mang tao, tayo'y dugong tao. Pero ang Tao na ito'y may Dugo ng Diyos. Ang Diyos, Mismo, ang gumawa nung selulang Dugo.

⁵⁰ At ang—ang tao, ikaw, ay galing sa isang selulang dugo, kung sisilipin n'yo 'yun sa ilalim ng mikroskopyo. Nasubukan ko po, mga ilang linggo na ang nakararaan. At—at dun sa may pagpapalahi ng mga hayop, inyo ngang. . . o ng baka, at may makasampung ilang libo dun na binhi. At 'yung mga binhi na 'yun, mumunting mga selulang dugo, ay tatalab, at ito'y ganoon din, sa ordinaryong tao.

⁵¹ Pero doon sa . . . sa dako rito, ang Diyos Mismo ay lumikha ng selulang Dugo, nang walang inihalong pagkilos ang tao roon ni katiting man. At mula dun ay lumitaw ang Kanyang Sariling Anak, na si Cristo Jesus, Na pinapanahanan ng Diyos Mismo, na pinaging Emmanuel Siya dito sa lupa. Yan nga ang larawan. Yan mismo ang dapat n'yong sampalatayanan, upang maligtas. At si Jesus, nang buong kalooban, nang walang sapilitan, pero nang buong kalooban, dahil sa pag-ibig na nasa Kanyang puso para sa Kanyang mga kapwa tao, ay namatay sa Kalbaryo at ibinubo ang Dugo na 'yun, na ang mga kasalanan ng mundo ay iniatang sa Kanya, na Kanyang ipinasan ang mga kasalanan natin doon sa Kalbaryo, sa Sarili Niya.

⁵² Ngayon kaya't hindi ito sa ganang magagawa ko. Wala ito sa kung ako ba'y mabuti o hindi. Ito'y nakasalalay sa kung Siya ba'y mabuti. Di ko nga kayang maging ganoong kabuti para gawin 'yun. Di n'yo kayang maging ganoong kabuti para gawin 'yun. Kung may bagay kayo na magagawa, 'yun ay tumayo sa merito ni Jesus Cristo. Sinasabi ko 'yan mismo sa inyo ngayon, dahil wala nga kayong kayang gawing iba.

⁵³ Pero heto nga na isinalin ng Diyos ang lahat ng kasalanan natin tungo sa Kanya, at Siya'y namatay. At dahil sa namatay Siya na isang makasalanan, sinabi ng Biblia, “Ang Kanyang kaluluwa'y nagpunta ng impyerno.” Ganoon nga. At habang naroon Siya, Siya'y nangaral sa mga—sa mga nasa bilangguan, na di nagsisi sa pagpapahinuhod noong mga araw ni Noe.

⁵⁴ “Pero di maaari na pabayaang Niya ang Kanyang katawan na makakita ng kabulukan, ni ang kaluluwa Niya ay manatili sa impyerno.” At nung ikatlong araw, nagbangon Siya para sa ating pag-aaring ganap. Ipinapakita sa atin, na kung ang ating pananampalataya ay maihahayag sa Kanya, at naipanganak na tayong muli sa Espiritu, ay hayan nga't kung papaanong tiyak

na nagbangon Siya mula sa libingan, ay magbabangon tayo sa Kanyang ikalawang Pagparito. Oh, grabeng sakdal na pag-asa!

55 Oh, kung makikita n'yo lang ang mga relihiyon sa mundo, at ang kanilang mga pamahiin, at pagkatapos titingnan natin kung saan nakalagak ang ating kaligtasan at matatag na pag-asa, sa patibayang pinagsasaligan, na lahat ng mga demonyo sa impyerno ay di ito matitinag. Marahil makikita mo ang sarili nilang gawang kagandahan. Ang relihiyong Buddha ay isang magandang relihiyon, ang relihiyong Hindu ay magandang relihiyon, pero, kapatid, ang mga ito'y sadyang walang-Buhay kung papaano ito sa buhay.

56 Saan ba nakahimlay ang Buhay? Nakahimlay ang Buhay sa Dugo. Ang Dugo ay ang Buhay. At iyon lamang ang tanging Tao na makakapagbubo ng tamang uri ng Dugo, dahil Siya'y ang Sariling Dugo mismo ng Diyos. At binubo Niya ang Dugo na tumubos sa inyo at sa akin. At kaya ang ating kaligtasan ay nakalagak kay Cristo Jesus, sa bagay na ginawa Niya para sa atin sa Kalbaryo. Kahit na gaano mang kababa ang nasadlakan natin, gaano mang kasama ang nasadlakan natin; gaano mang kasalaula ang nasadlakan natin, haya't sa pagtuon mismo natin sa Kalbaryo, nang may tapat na puso, at ipagtatapat ang ating mga kasalanan doon sa may Kalbaryo, tapos na ang lahat dun. Tama. Wala na ngang iba pa't hinihintay lamang na mamutawi ang inyong pagtatapat sa inyong labi, na anupa't ang Diyos ay obligado na tumugon sa iyo. Siyanga. Oh, talagang sa tuwing naiisip ko ang bagay na 'yan!

57 Oh, di na nga nakapagtataakang nasabi 'yun ni Pablo. . . Ako nga'y tumayo roon sa silid, nung isang araw, kung saan nila siya pinugutan ng ulo, at basta itinapon lang nila siya doon sa paagusan. Naisip ko. . . Bago 'yun, sinabi niya, "Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Subalit salamat sa Diyos na Siyang nagbigay sa'tin ng pananagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Kita n'yo? Sadyang may kapanatagan. Oh, 'yan nga ang gusto kong ipangusap.

58 Pakinggan n'yo, sa mga kabataan dito. Marahil kayo'y mga bata, at ang pagiging kabataan na 'yan ay rurupok din, nang di n'yo inaasahan. Haya't malalaman n'yo na lang na darating ang sandali, na mararatay kayo sa ospital, sasabihin ng doktor na may dalawang araw ka na lang daw para mabuhay, o dalawang oras. Malalaman n'yo na lang na darating ang sandali na 'yang puso na 'yan ay bigla na lang lalaktaw ng pintig, at bigla na lang 'yang darating na di kayo handa. Oh, kapatid, hahanapin n'yo ang kung anu-anong bagay sa sandali na 'yan. Hanggang saan hahantong ang buong buhay na ito sa oras na 'yan? Tapos na. Malalaman n'yo na lang na 'yung mga buhok n'yo ay mag-uuban na sa inyong ulo, at mapagtatanto n'yo na kakaharap na kayo sa isang walang katapusang Walang Hanggan sa ibayo;

at itong kaluluwa na naninirahan diyan ngayon sa loob n'yo, ay haya't kumakawala na parang—parang ngipin na binubunot, hinuhugot mula sa inyo nang paganoon, para tumungo sa isang dako na di n'yo alam kung saan kayo patutungo. Kaya mainam na pagbulayan n'yo na 'yan ngayon, at isaayos na ngayon din. Dahil, maaari kayong basta lagutin, [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] nang paganoon, nang wala man lang pagkakataon na makapagsisi. Kaya, magpatuwid na kayo, ngayon pa lang.

⁵⁹ Wala ngang mairarason, ang mga Amerikano. Yung mga pagano na 'yun sa ibayo ng—ibayo ng Timog Aprika, at doon sa India, doon sa mga dakong 'yun, sila'y titindig sa Paghatol at hahatulan ang henerasyon na ito, dahil nasa atin na mismo ang Liwanag, at ang Ebanghelyo, at ang mga kaiglesyahan, at ang mga pagpapala, at lahat na rito, at haya't tinatanggihan natin na tanggapin Ito. Diyan nga sumadlak ang problema, kaibigan. Ngayon, sinasabi ko 'yun nang may pagmamadali, dahil para rin 'yun sa kabutihan n'yo, kita n'yo, dahil kinakailangan n'yo na gawin 'yun.

⁶⁰ Ngayon, “Ang kautusan na may isang anino.” Oh, haya't sa tuwing naiisip ko 'yan, “Ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na parating!” Tingnan n'yo kung ano ang inaalok ng kautusan. Bumuklat tayo sa kasunod na kabanata, sa ika-11 kabanata ng Mga Hebreo. Tingnan n'yo kung ano ang nagawa ni Daniel sa ilalim ng kautusan. Tingnan n'yo kung ano ang nagawa ni Enoc sa ilalim ng kautusan. Tingnan n'yo kung ano ang nagawa ni Moises sa ilalim ng kautusan. Kaya ngayon, kung ang isa'y nabuhay noon sa anino ng pagtutubos, ano pa kayang higit ang gagawin ng iglesyang Cristiano sa panahon ngayon, na mayroon nang realidad ng pagkabuhay na mag-uli ng Panginoong Jesus Cristo? Saan na ba dapat tayo nakatayo sa gabing ito, mga kaibigan?

⁶¹ Sinasabi ko nga sa inyo, maibubunsod nito na ang bawat Cristiano'y higpitan ang kanyang baluti. Doon ang sabi Nito, “Tbihis ninyo ang buong kagayakan ng Diyos. At siguraduhin ninyo na kalakip ang baluti, at ang turbante, at ang kalasag, at lahat ng mga bagay na ito.” Inihahalintulad nga ito ni Pablo sa isang kawal na susugod sa pakikipaglaban. At sa oras na heto't dumarating ang mga palaso ng kalaban, ipangharang n'yo ang inyong kalasag, humayo kayo roon at salubungin ito.

⁶² Ngayon, kung 'yung mga bagay na 'yun noon ay naibunsod mismo ng kautusan, ano pa kaya sa realidad ng Dugo ni Jesus Cristo! Kung nagawa 'yun mismo ng patay na letra, ano pang higit kaya ang maibubunga ng kapangyarihan na nagbubuhay, at Kapangyarihan, at Espiritu ng Panginoong Jesus Cristo?

⁶³ Ngayon nararapat lamang na nagsisimba tayong taglay ang pinaka mataas na paggalang. Nararapat lamang na pumasok

tayo sa simbahan na talagang tunay na mga banal ng Diyos. Tayo'y magtungo't kunin ang ating posisyon, at panatilihin ang ating isipan kay Cristo. Kailangan nating talikuran ang lahat-lahat sa sanlibutan, katulad nun. At kung ika'y isang tunay na ipinanganak na muli. . . Ito po'y susugat ngayon nang kaunti, pero alam n'yo naman na ito ang bahay ng pagtutuwid. Kung ika'y tunay na naipanganak sa Espiritu ng Diyos, haya't doon nakalagak ang inyong puso, ano't anuman. Yun po ang. . . Ang inyong pag-iisip ay nakaangkla mismo dun sa ibayo. Kita n'yo? Kung tunay nga na kayo'y. . .

64 Sinabi ni Jesus, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at nananampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan. Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at nananampalataya!"

65 Ngayon, kung kayo nga'y nananampalataya nang tama! Kung sinasalita n'yo lamang ito sa inyong labi, wala nga 'yung pakinabang na mabuti. Pero kung manggagaling mismo sa puso n'yo, kung sasampalataya ka na si Jesus ang Anak ng Diyos, di nga maaari na ganoon pa rin ang pamumuhay mo sa buhay mo noon. Di mo na magagawa, kung kayo'y nakasilay na mismo sa tunay na pagkatanaw sa Kalbaryo. Ngayon, kung sige't bahala na lang ang pagtanggap n'yo rito, inyo ngang niloloko lang ang sarili n'yo.

66 Pero kung makikita n'yo ang kabuoang pagkatanaw kung ano si Jesus! Oh, grabe, ganun na lamang ang pagkagusto ko na ipangaral ang pagka-Diyos, ang kataas-taasang pagka-Diyos ni Jesus Cristo! Kung mapagtatanto n'yo lamang kung Sino Siya, at kung ano ang ginawa Niya para sa inyo na mga kalalakihan at kababaihan, 'yang mga puso n'yo ay sadyang mahahapak sa kaibuturan n'yo, at maghahangad talaga kayo na itakwil ang karumihan ng sanlibutan, para mamuhay para sa Kanya. Oh, gaano ngang kahanga-hanga, at grabe ang Persona kung sino Siya! Kung mapagtatanto n'yo lamang ang pagpapakababa ng Diyos Mismo, na inilaladlad ang Kanyang Sarili, bumababa, hanggang sa makadako Siya sa inyong puso!

67 Noong ang Diyos na Ama, sa anyo ng malaking Ulap, ay pumaibabaw sa mga anak ni Israel; at nung Siya'y nanatili sa ibabaw ng bundok nung umagang 'yun, para isulat ang batas; haya't, kung may hayop na mapapaapak lang sa bundok, ang hayop nga'y kinakailangang panain ng suligi. Sa pamamagitan lamang ng pagbabanal kung kaya't Kanyang naiakyat si Moises sa itaas doon. Ipinuwesto si Aaron sa pinakaibaba't paanan ng bundok, para magmatyag at magbantay na walang. . . At nung ang Haliging Apoy na 'yun ay huminto na roon sa ibabaw ng bundok, nagsiklaban ang mga kidlat, at dumagundong ang mga kulog, bumalot ang kadiliman. Nung ang Diyos na Jehovah, ang Maylalang ng buong Walang Hanggan, ay humimpil doon sa ibabaw ng isang bundok na Siya ang may lalang, Mismo,

'yung kakapalan ng mga ulap ay sumasambulat, dahil sa kidlat, niyayanig ang lupa! Anupa't, sila na mga Israelita na nakatayo roon sa ibayo sa kampamento, na may duguang hain sa piling nila, ang sabi, "Si Moises na lamang po ang mangusap, at hindi ang Diyos, 'pagkat ikamamatay namin." Isipin n'yo nga 'yun.

⁶⁸ Ang siya ring Makapangyarihan sa lahat, na dakilang Siya, ibinaba ang Kanyang Sarili at iniladlad ang Sarili, at pumarito sa isang katawan na laman na sinumang tao ay magagawa na humipo gamit ang mga kamay niya. Ano itong ginagawa Niya? Tinutupad ang Kanyang lakbayin, sa pagsisikap na pumasok sa tao. Pagkatapos, matapos 'yun, nagtungo Siya't inialay ang Sarili Niyang Dugo, dahil walang ibang dugo ang makagagawa nun! Di na nga nakapagtata kang Siya'y kayamanan ng Langit na walang maitutumbas na halaga! Di nakapagtata kang Siya ang Hari ng mga hari! Nung oras na Kanyang ilab-. . . iladlad ang Kanyang Sarili, at bumaba't ipinasailalim ang Kanyang Sarili sa mga kamay ng makasalanang mga tao, para hampasin, at duraan, at sugatan, at maibayubay dun sa krus, at mamatay. Haya't noong naroon Siya, may ilan na nagsipagsabi. . . Noong sabihin Niya, "Magagawa Kong tawagin ang Ama Ko, at Siya'y magpapadala sa Akin ng sampung pulutong ng mga Anghel. Subalit ang Aking Kaharian ay hindi rito sa sanlibutang ito."

⁶⁹ At sila roon na mga madla ang sabi nila, "Ilayo Siya! Ilayo Siya!"

⁷⁰ Bakit di Siya bumaling at nagsabi, "Kayo ang ilayo"? Heto nga ang dahilan at di Niya 'yun ginawa, mga kaibigan. Tingnan n'yo. Sila'y Kanyang Sariling mga anak. Ang isipin, na 'yung mismong mga anak ng isang lalaki'y hinihingi nila ang dugo ng kanilang tatay. Kung hihilingin ng mga anak ko ang sarili kong dugo, wala nga akong magagawa kundi sabihin, "Sige kunin n'yo ako." Kung—kung tatanggihan Niya na gawin 'yun, Kanya ngang maiwawaglit ang Kanyang anak; ang Kanyang sariling nilikha, Kanyang mga taong nilalang. At hayan nga sila na sila mismo ang humihingi sa Kanyang Dugo. Naiisip n'yo ba 'yun na 'yung mga anak mismo ang humihingi sa Dugo ng kanilang Ama? Yun ang dahilan kung bakit di Niya masabing hindi. Kung sabihin Niya kasing hindi, sila'y mawawaglit. Ako nga'y mamamatay nang walang pagpipilit kung para ito sa mga anak ko, at kahit sinong ama ay 'yun mismo ang gagawin. Tingnan n'yo kung ano Siya roon, ang Sarili Niya mismong mga anak ay nananawagan sa Dugo Niya.

⁷¹ At ang hustisya ng batas ay Dugo ang hinihingi. At 'yung dugo ng tupa'y di 'yun magagawa, 'yung dugo ng mga kambing ay di 'yun magagawa, 'yung dugo ng baka'y di 'yun magagawa, haya't ang Dugo lamang ng Diyos ang tanging makagagawa nun. At ang Diyos ay nagsalaman, namuhay rito sa lupa. Yaong dakila't dumadagundong na Persona sa ibabaw ng Bundok ng Sinai ay naparito sa laman sa panahon na 'yun.

72 Haya't Kanyang nilinis ang daan nang sa gayon makadako Siya't makapanahan sa inyong puso. At ngayon ang siya ring Espiritu na 'yun, na dumadagundong mula sa Bundok ng Sinai, ay nananahan na sa puso ng tao. Kahanga-hanga! Grabe, 'yan, 'yan mismo'y makakapagpabunsod sa bawat puso na lumukso, at ang—ang isipin ang bagay na 'yan.

73 Ngayon tumalon na tayo rito, heto si Pablo na may sinabi siya rito sa ibaba, dito sa ika-5 at ika-6 na talata rito. Sinisikap natin na makadako sa ika-19, para makadako tayo agad. Sa labing-. . . Sa ika-5 at ika-6, at pababa, binabanggit niya rito kung paanong ang kautusan ay paunang nagpapakita. Kung papaanong sa Lumang Tipan. . . Tinalakay na natin ito, nung isang araw. Oh, mga ilang buwan ang nakararaan, siyanga't, sa Lingguhang aralin.

74 Ang tao ay nasa ilalim ng kasalanan; sabihin na lang natin na siya'y nangalunya, o nagnakaw, o di nangilin ng Sabbath, o lumabag sa kung anong kautusan. Mangyaring kukuha dapat siya ng kordero, at dadalhin niya ang kordero na ito sa mga matatanda, at sisiyasatin nila ang kordero na ito. Ang kordero na ito'y kinakailangan na walang kapintasan, kinakailangan na walang kasiraan. Tingnan n'yo ang ipinapahiwatig n'yan. Ang kordero'y kinakailangan na walang kapintasan, para sa isang tao na puno ng kapintasan. Amen. Umaasa ako na nakikita n'yo ito. Grabe!

75 May naalala akong isang munting kuwento. Di ko lang po alam kung nabanggit ko na po ito sa inyo, o hindi pa. Isa lang po itong munting kathang kuwento, parang ganoon. May. . . Sa ilalim ng batas, kung ang isang nanay na kabayo'y may maliit na anak na kabayo, at isa siyang mola, alam n'yo, at 'yung mga tainga niya'y may pilat, at 'yung mga tuhod niya'y mabukol, at, oh, haya't duling pa ang mata't di kanais-nais ang itsura ng mola na ito. Buweno, 'yung mola na 'yun, kung makikita lang niya ang kanyang sarili, sasabihin niya, "Oh, naku! Pagdating ng amo, papatayin niya ako, dahil ako'y. . . Hindi niya ako pakakainin. Di kasi ako karapat-dapat na mabuhay. Tingnan mo nga naman ako, di kanais-nais ang kalagayan ko!"

76 Pero kung 'yung nanay ay makapagsasalita't sasagot dun sa munting kabayo, sasabihin niya, "Sandali lang, iho! Puwede kang mabuhay, dahil ikaw ang panganay ko, at may karapatan ka sa pagkapanganay. Ngayon kapag dumating ang amo at kanyang makita ang kalagayan mo, babalik siya't kukuha ng kordero na walang kapintasan, at papatayin 'yun, nang sa gayon ang mola na pilay ang kalagayan ay mabubuhay." Kita n'yo, hindi tinitingnan ng saserdote ang mola; ang kordero ang nakikita niya. Di pinagtutuunan kung 'yung mola ba'y wala sa kanyang maipipintas; 'yung kordero ang kinakailangan nga na wala sa kanyang maipipintas.

⁷⁷ Oh, umaasa ako na nakikita n'yo ito. Di nga ito sa kung ikaw ba'y hustong Cristiano o hindi. Ito'y sa kung Siya ba'y husto. Yamang ang tinanggap ng Diyos ay Siya, at ang Dugo Niya ay nagsilbing kabayaran, di ikaw ang nakikita ng Diyos; ang Cordero ang Kanyang nakikita. Oh, grabe!

⁷⁸ Kaya naman magagawa ng munting mola na 'yun na lumundag na mapapasa ere ang kanyang buntot, at suminghal, at magpatalon-talon, at magtatakbo sa buong paikot ng bukid, magtamasa ng maligayang panahon. Siya kasi'y mabubuhay. Pero may isang, walang kapintasan, ang kailangang mamatay para sa isang puno ng kapintasan.

⁷⁹ Ako 'yun, si William Branham; di nararapat, di angkop na mabuhay, karapat-dapat na mapunta ng impyerno; isinilang sa isang makasalanang pamilya, pinalaki na makasalanang; wala ngang bagay na mabuti, walang kaaya-ayang bahagi man sa akin. Ganoon nga. Pero, isang araw, tinanggap ko! Hallelujah! Nung tumanaw ang Diyos at ang nakita'y si Cristo, at si Cristo ay humalili sa aking lugar, haya't di ako ang nakikita ng Diyos; ang nakikita Niya'y ang Isa na 'yun na Sakdal. Kaya naman habang ako'y narito, sa Kanya, haya't ako'y sakdal; di sa sarili ko. Sa Kanya; hindi sa sarili kong kasakdalan! Wala nga akong ganoon; maging kayo'y walang ganoon. Haya't ito'y Kanyang kasakdalan.

⁸⁰ Kaya naman, di nagkamali si Jesus noong sabihin Niya, "Kayo nga'y mangagpakasakdal, na kagaya ng inyong Ama sa Langit na sakdal." At papaano nga magiging sakdal ang isang tao? Masasakdal ang tao sa pamamagitan ng Kanyang sakdal na pananampalataya, na lalagak sa Kanya, sasabihin, "Kanya nang binayaran ang halaga para sa akin."

Binayaran ni Jesus ang lahat,
Utang ko sa Kanya ang lahat;
Kasalana'y nag-iwan ng mantsang mapula,
Singputi ng niyebe nang hugasan na Niya.

⁸¹ Grabe, maibubunsod nga n'yan na tayong lahat ay maging mga sumisigaw na Methodist, (di po ba?) kung iisipin n'yo 'yun! Kayo . . . Naniniwala ako roon. Naniniwala ako sa makalumang karanasan ng pagsigaw. Siyanga, po. Kung ang mga bata nga'y nakakatanggap sila ng tamang uri ng bitamina, laging mainam ang pakiramdam nila, alam n'yo. Alam n'yo po ang ibig kong sabihin. Kailangan natin ng ilang espirituwal na mga bitamina sa mga kaiglesyahan sa panahon ngayon. Di po ba't 'yun din ang iniisip n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

⁸² Naaalala ko rito ang isang magsasaka, minsan. May maliit siyang lumang . . . Yung isang magsasaka, may-may kamalig siya, at nasa kanya roon ang lahat na ng magagandang gamit sa pagsasaka na kanyang-kanyang-kanyang magagamit para magsaka, mga traktora't lahat na. Pero, napaka tamad naman

niyang magsaka, kaya 'yung lugar niya'y napabayaang niya—niya na damo lamang ang napatubo niya. At nung sumapit ang taglagas, ang bagay lang na magagawa niya, ay karitin 'yung mga damo't ilagay 'yun sa kamalig.

⁸³ At heto rin ang isa pang magsasaka, wala siyang ganoong kagandang kamalig, pero siya nama'y . . . Isa siyang matalinong lalaki. At lumalabas siya talaga't, napaka sipag. At talagang nagtrabaho siya, dahil gusto niya na may makain ang mga alaga niyang hayop. At marami siyang naani na mga maiinam na clover, at alfalfa, at iniimbak niya 'yun sa kamalig.

⁸⁴ Sa dalawang kamalig na 'yun, may munting guyang baka ang ipinapanganak taon-taon, para sa taon na 'yun. At, heto nga, 'yung munting guya dun sa kabilang kamalig, anupa't ang kanyang kinakain ay mga damo, pero nakasilong siya sa isang mainam na magandang kamalig. At 'yung isang munting guya naman ay wala siyang ganoong kagandang kamalig, pero may mga nakakain naman siyang mainam.

⁸⁵ Naiisip ko tuloy itong ilang mumunting lumang simbahan dito, tapos babaling dito sa naglalakihan, na naglalawakan, na nagtataasang, mga kamithi-mithing mga lugar, alam n'yo, na may sanglibong-dolyar na mga bakal na organ, o libo-libo, ang ibig kong sabihin, at malalambot na upuan at lahat na. Pero mayroon bang makakain? Yun nga ang isa pang bagay.

⁸⁶ Mas nakabubuti pa siguro 'yung magpupunta ka sa isang maliit na hamak na pagmi-misyon sa kung saan, alam n'yo, at doon ay mas marami kayong masusumpungan, alam n'yo, na mga espirituwal na bitamina. Laan nga 'yun sa inyo ng Diyos, para tulungan ang inyong espiritu na lumago, pasiglahin kayo nang kaunti pa. Yun mismo ang pangangaral ng Ebanghelyo. Hallelujah! Kung di nga nun mapapasigla ang iglesya, wala nang iba pang makapagpasigla. "Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, sa pakikinig ng Salita."

⁸⁷ Nung marinig ko na si Jesus ay namatay para sa akin, sabi ko, "Yun na 'yun. Luwalhati sa Diyos! Ako'y ligtas na ngayon dahil ako'y nasa Kanya." Tinanggap Niya ako. Siyanga. Ako'y pinili Niya. Pinili Niya kayo. Bawat isa sa inyo rito, na isang Cristiano, pinili kayo ni Jesus. Nakamit n'yo. Hayan nga. Kayo nga'y hinango Niya.

⁸⁸ Itong munting guya, 'yung isa sa kanila, nasusuba-subasob siya, sa paglabas niya dun sa malaki't mainam na kamalig, at 'yung mga salansanan dun ay labing-apat na karat, alam n'yo, at mga kuwadra't kung anu-ano pa. Nung lumabas siya, 'yung kaawa-awang munting guya ay di siya halos makapaglakad, alam n'yo. Kawawang-kawawa talaga siya; panay damo lang ang kinakain sa buong taglamig. Kaya itong isa . . . Sa paglabas niya dun sa pinto ng kamalig, alam n'yo, dumadampi nga ang mainit

na hangin, at para ngang . . . tangayin na siya halos nung hangin na umihip; kawawang-kawawa talaga siya.

⁸⁹ At dun naman sa kabila, pinalabas na nung magsasaka 'yung munting guya niya, at, oh, namimintog nga siya't mataba, alam n'yo. Grabe, napakaganda ng katawan niya. Nung siya nga'y lumabas dun, haya't nagpatalon-talon siya ng taas-baba, kumakaldag-kaldag sa buong paligid, alam n'yo, parang nasa isa siyang mainam, na malaking pentecostal na pagtitipon, na talagang nagpapatalon-talon sa buong paligid.

⁹⁰ Alam n'yo ba kung anong ginawa nung patpatin na guya? Yung isa dun sa malaking kamalig, na nasa kanya ang lahat ng malalaking bagay, alam n'yo. Sumilip siya dun, isinilip niya 'yung mumunti niyang mata sa may siwang dun, at ang sabi, "Tsk, tsk, tsk, tsk! Grabeng kapanatiko! Grabeng kapanatiko!"

⁹¹ Yung munting guya kasi'y ang inam ng pakiramdam niya, kaya naman di na nakapagtatakanag nagpapatalon-talon siya. Siya'y pinalusog. Ang ganda ng pakiramdam niya.

⁹² Ganyan nga ang kalagayan kapag ang isang tao'y mayroon siyang espirituwal na mga bitamina. Sa bahay ng Diyos, siya'y nagpupunta't, ang kanyang kaluluwa'y pinakakain ng Salita ng Diyos, na may pagkabatid kung saan siya nakatayo. Kaya lahat nitong mga lumang pamahin ay naglilipana palayo. At itong pagsamba sa diyablo't lahat, ay hihiwalay talaga palayo, kapag nakita mong si Jesus Cristo'y namatay sa halip na ako, humalili sa lugar ko sa Kalbaryo. Busilak, na Makalangit na pag-ibig ay pumasok na roon. Talagang parang kapuna-puna ang kilos ko, sa tingin ng sanlibutan, kadalasan. Pero talagang napakasarap ng pakiramdam ko sa bagay na ito, dahil ako'y pinalusog ng mga bitamina, kaya ganoon, ng maiinam na mga maaasahang bitamina *Rito*.

⁹³ Ngayon, sinabi ni Pablo, kapag ang isang mananamba'y dudulog at siya'y magdadala ng munting . . . Kung may nagawa siyang kamalian, dumudulog siya dala-dala ang isang munting kordero na ito. Ngayon sisiyasatin 'yun ng punong saserdote, 'yun nga ang gagawin ng saserdote, at titingnan kung walang bagay na mali dun sa kordero. Sisiyasatin ito, titingnan kung ito ba'y karapat-dapat, at, kung, ito nga, haya't ilalapag niya ang munting kordero doon sa may dambana.

⁹⁴ At hetong lalapit ang tao na may nagawang pagkakamali, na magsasabi, "Ngayon, ako po'y nakapagnakaw. At ngayon alam ko na ako'y maaaring patawan ng kamatayan, dahil ako'y nakagawa ng mali. Di ibig ng Diyos na ako'y magnakaw; 'yun mismo ang sinasabi ng Kanyang kautusan na huwag gawin. Ngayon aking ipinapatong ang aking mga kamay sa ibabaw ng munting kordero na ito. At sinasabi rito ng kautusan ng Diyos, 'Huwag magnakaw,' at ako nama'y nagnakaw. Kaya naman ako . . . Alam ko na maaari akong patawan ng kamatayan. May

dapat managot sa aking pagkakasala, dahil ako'y nagnakaw. At sinabi ng Diyos, na sa araw na kanin ko 'yun, sa araw na 'yun ako'y mamamatay. Heto't, nakapagnakaw ako. At sinabi ng Diyos, 'Nagnakaw ka, kinakailangan mong mamatay dahil diyan.' Kaya Kanyang hinihiling, kung di ko gustong mamatay, kinakailangan kong dalhin ang kordero. Kaya inilalapag ko ang kordero na ito rito, at ipinapatong ko ang mga kamay ko sa ibabaw ng ulo ng munting kordero na ito, at heto po siya na umiiyak at kawawang-kawawa. At sinasabi ko, 'Panginoong Diyos, ako'y mapatawad nawa sapagkat ako'y nakapagnakaw. Inihahayag ko't ipinapangako sa Iyo na di na ako magnanakaw kahit kailan, kung Iyo lamang akong tatanggapin ngayon. At para sa paghahandog ko, at para sa kamatayan ko, ito pong munting kordero na ito ang mamamatay para sa aking lugar.'"

⁹⁵ Tapos kukunin nila 'yung malaking kalawit at iuumang sa ilalim nung leeg ng kordero, at hihiwain 'yun nang *paganoon*; hahawakan ito nang *paganito*, at 'yung munting kordero ay iiyak, iiyak. Tumatalsik ang lana, dugo sa lahat ng dako. At 'yung kaawa-awang munting bibig nito, heto siyang umiiyak, umiiyak, umiiyak. At malalaman n'yo na lang, lahat ng dugo niya'y dumanak na't, iyuyuko na niya 'yung munting ulo niya. Tapos na.

⁹⁶ Pagkatapos, itong tao, isusulat bilang tala, ilalagay dun sa gilid ng kaban, nang *paganito*, na ang taong ito'y nagsisisi. Kung gawin niya uli nang pangalawa, sa loob ng isang taon, kailangan niya pa ring mamatay ano't anuman; ang kamatayan niya'y iaatang dun sa kordero.

⁹⁷ Ngayon, ganoon po 'yun sa Lumang Tipan. Siya marahil ay babalik uli dun, pagkatapos na pagkatapos niyang gumawa ng pagsisisi, babalik uli dun. At marahil mangangalunya. Marahil may isang bagay siyang magagawa na mali, na mas. . .? . . . Sa pagbalik niya marahil dun. . . Marahil nakapatay pa nga siya ng isang tao. Marahil. . . Dun sa pagbalik niya dun, hayan nga, bumalik siya dun na naroon pa rin sa puso niya ang ganong bagay, na naroon sa kanya nung siya'y unang dumulog. Wala sa kanyang nagbago; ang tanging nagawa niya, sa pamamagitan ng batas, sa letra ng batas, ay natugunan niya ang hinihiling. Ngayon, di nga nun magagawa, na magagawa nung baguhin ang puso niya. Ang tanging alam lang niya, "ay mali 'yun," dahil nababasa naman niya 'yun sa batas, at 'yung kordero ay mamamatay na kahalili ng kanyang puwesto. Ngayon, nung si Jesus ay dumating, kita n'yo, ang Dugo ni Cristo. . . Kita n'yo, ano bang klaseng dugo 'yun noon na pinadadanak? Dugo nga mismo ng hayop. Buhay lang ng hayop, para sa buhay ng tao, kaya di nga nun maiwawaglit ang pagkakasala; di uubra!

⁹⁸ Ngayon nung dumating si Jesus, di lang 'yun basta buhay ng tao, haya't Buhay 'yun Mismo ng Diyos, Sarili Niya. Yun nga ang naroon sa Kanyang Dugo.

⁹⁹ Ngayon, nakita natin na nakagawa tayo ng pagkakamali, “Oh, may nagawa akong mali. Nagkasala ako. Ako’y—ako’y namuhay nang di tama. Nakagawa ako nang di tama.” Ngayon dudulog ako sa altar. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay makikita ko ang Hain; ipapatong ko ang mga kamay ko sa ulo ni Jesus. Sasabihin ko, “Minamahal na Diyos, alam ko na ang aking. . . Isa po akong makasalanan, at ang siyang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. At kung makagawa nga ako ng mali, kinakailangan kong mamatay. At kung ako’y mamatay naman, di ako makadadako sa Iyong Presensya, parurusahan ako sa pagdurusa nang kailan-kailanpaman. Heto po, na ako’y nagkamali, Ama. At nais ko pong maitama, at di ko po gustong mamatay nang kagaya nito.” Kaya, ipapatong ko na ang aking mga kamay sa Kanyang ulo, at ang Kanyang buhay ang kinuha kapalit ng buhay ko. Pero ang mainam nga roon, ay sa pag-alis ko sa altar, hahayo ako na may nabagong puso na. Kita n’yo?

¹⁰⁰ Yung unang tao na dumulog doon, sa ilalim ng batas, sa ilalim ng dugo ng hayop. Di nga nun nabago ang kanyang puso, dahil di maaaring maitumbas ang buhay ng hayop sa buhay ng tao. Di magagawang magbigay ang hayop ng dugo ng tao. Kita n’yo? Di ito magagawa ng hayop, dahil ang buhay niya’y ibang buhay. At ang isang hayop ay haya’t may buhay, pero walang kaluluwa. Ang hayop ay isang buhay na nilalang, pero walang kaluluwa.

¹⁰¹ Pero naglagay ang Diyos ng kaluluwa sa tao. Kaya, naman, ang aking kaluluwa. . . Ano ba ang kaluluwa? Ang kalikasan ng espiritu.

¹⁰² At nung ang kaluluwa ni Cristo’y iwan, hindi sa impyerno iniwan, bagkus dinala paitaas; sa pamamagitan ng Dugo, ng pagbububo ng Kanyang Dugo, nung dalhin Siya ng Diyos doon sa Kalbaryo. Lumakip ang Kanyang Dugo roon sa may krus; at nung maibayubay roon, na itinutungo-tungo ang Kanyang ulo nang payuko’t direktso, hayan ang mga korona sa Kanyang ulo, nang naka *paganito*, na may mga tinik, ’yung Dugo’y umaagos sa Kanyang mukha, tumutulo mula sa Kanyang buhok, sa mga balikat Niya, sumisigaw sa di kilalang mga wika, “Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?” Hayan nga ang Cordero. Hayan Siya Mismo.

¹⁰³ Yan ang walang salang Siya na namatay; nang sa gayon ako, na di karapat-dapat, ay maitama, upang ako’y magkamit ng karapatan sa Buhay. Yan ang di karapat-dapat—ang di karapat-dapat. . . ikaw ang di karapat-dapat na kinamatayan ng Cordero. Ngayon lumapit kayo mismo rito at ipatong n’yo ang inyong mga kamay sa Kanya, kita n’yo, at ihayag n’yo ang inyong pagtatapat, at tutugunin kayo ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, bilang pagpapatibay na Kanyang tinanggap na kayo.

*...sa pamamagitan ng isang hain (heto nga ito),
sa pamamagitan ng isang hain siya'y pinasakdal
magpakailan man...*

104 Hayan nga kayo. Haya't ang mananamba ay lumalapit kada taon, palagi 'yun, nang halos taon-taon, babalik; at babalik ka sa kasunod na taon, na 'yun pa rin ang pita ng puso mo. Pero nung Kanyang gawin ang isang Hain, na Siya Mismo, bawat kasalanan, bawat pita ng kasalanan, at lahat ay iwinagit mula sa puso ng tao. At siya'y tumatayo na nang sakdal sa paningin ng Diyos, di nga sa bagay na ginawa niya, kundi sa kung ano ang ginawa ni Jesus para sa kanya. At tinanggap niya ang Hain na ang Panginoong Jesus Cristo mismo. Oh, grabeng kahanga-hanga talagang bagay, kaibigan!

105 Ngayon, "Yamang..." Ngayon sa ika-19 na talata. May dalawampung minuto na lang tayo, ituon natin ang lahat sa mga Kasulatan ngayon. Ngayon sa ika-19 na talata.

*Yamang, mga kapatid, na may kalayaan ngang
pumasok sa dakong kabanalbanalan sa pamamagitan
ng dugo ni Jesus,*

106 Pakinggan n'yo, heto nga ito, "Ngayon pumasok sa Dakong Kabanal-banalan." May dakong banal, at mayroong Dakong Kabanal-banalan. "Kabanal-banalan sa lahat ng banal," 'yan nga ang tawag. Pumapasok dun ang punong saserdote ng isang beses sa isang taon. At sa pagpasok niya roon, ang unang bagay na ginagawa niya ay wisikan, ang sarili. Ang kaban ay naroon sa likuran ng tabing.

107 At 'yung punong saserdote ay kinakailangan na mapahiran ng pabango na gawa mula sa Rosa ng Saron. Di puwede ang anumang ibang pabango. Alam n'yo ba na si Jesus ay tinawag na Rosa ng Saron? Ano ba ang isang rosa? Saan nanggagaling ang pabango? Mula sa rosa. Saan naman...

108 Si Jesus ay tinawag din na Lila ng libis. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

109 May nakakaalam ba kung saan nanggagaling ang opyo? Sa lila nga. Kinukuha ang opyo mula sa lila. At anong ginagawa ng opyo? Pinahuhupa ng opyo ang kirot. Kapag ang mga tao'y may sakit at, nagdurusa ng katakot-takot, na natutuliro na sila sa isip nila, nababaliw, binibigyan nila sila ng isang dosis ng opyo, at 'yun ang magpapahupa. Yun ang magpapakalma. Yun nga 'yun sa natural.

110 Si Jesus, sa espirituwal, ang Lila ng libis. At kapag ikaw nga'y hahantong sa isang punto, na di mo na kaya ang sarili mo, at wala nang saysay ang buhay sa iyo, ang Diyos ay may isang dosis ng opyo para sa iyo, mula sa Lila ng libis, na siya ritong huhupa sa lahat ng inyong suliranin, na lahat ng mga ito ay mapapawi. Di mo naman kailangang uminom ng wiski, para pahupain ang suliranin mo; haya't bumabalik din naman

kasi. Pero lumapit ka't tumanggap ng isang—isang inom ng opyo mula sa Lila ng libis, at ang mga 'yan ay matatapos na nang kailanman.

¹¹¹ Anuman ang dumating, anuman ang umalis, anuman; ikaw man ay mabuhay, ikaw man ay mamatay, kung kayo man ay mapasa *ganito*, o mapasa *ganoon*, o mapasa *anuman*; walang makapaghihiwalay sa iyo mula sa pag-ibig ng Diyos na nakay Cristo Jesus. Ang mga Cristiano'y di pinangakuan ng highang bulaklak ng kaalwanan, bagkus sila'y pinangakuan ng biyaya na husto sa bawat pangangailangan na kailangan nila. Amen. Pakiramdam ko'y napupuspos ako sa mga sandaling ito. Isipin n'yo 'yun! Siyanga, po. Dahil, sa tuwing ako'y nakakaramdam ng pagkapagal, at napapaisip, tumitingin ako rito't nakikita ko *ito* na nangyayari, *iyon* na nangyayari, pero iniisip ko, 'Sandali lang. Naku, naku!' Kita n'yo? Hayun nga ang Lila ng Libis.

¹¹² Ngayon, anong ginagawa ng bango? Ang bango, naglalagay ng pabango ang kababaihan para maging kaaya-aya. At ang mga kalalakihan din ay naglalagay ng panghaplas pagkatapos mag-ahit, kung minsan, para roon; para 'yung amoy, 'yung di magandang amoy, ay maalis sa iyo. Kapag pupunta ka sa harap ng ibang tao, na may amoy ka sa katawan o parang ganoon, gumagamit ng pabango para maalis 'yung amoy; para ikaw, kapag nasa harap ka ng ibang tao, ay di ka mangamoy. Ibig sabihin di kaaya-aya. Yun ang gamit ng pabango o . . . Maging 'yung sabon ay may mabangong sangkap. At naghuhugas nga kayo gamit ang sabon, o polbo, o anupaman, dahil 'yun mismo ang gamit nun.

¹¹³ Ngayon pansinin. Amen. Sadya lang pong napaka sarap ng pakiramdam ko. Tingnan n'yo. Sinabi ni Jesus. . . Tingnan n'yo, Siya ang Rosa ng Saron, at Siya'y inialay sa Diyos bilang isang mabangong Samyo. At ito. . . At pagkatapos nung tayo'y naging di kaaya-aya sa harapan ng Diyos, at haya't, pasensya na po sa katagang ito, sadyang nakakasulasok ang amoy, kita n'yo, na ang ating—ating mga pagkakasala't mga bagay-bagay ay sadya ngang napakasama't sobrang umaalingasaw, tapos lalapit tayo sa Kalbaryo at kung saan. . .

¹¹⁴ Ang isang lila, o kahit anong bulaklak, bago magawa ang isang pabango. . . Kukunin mo 'yung bulaklak, napaka ganda nito; isang malaking namumukadkad na lila, o rosa. Ang Rosa ng Saron ay isang magandang bulaklak. Habang may buhay ito, napaka ganda nito. Pero para makakuha ng bango mula dun, para makakuha ng pabango, kinakailangan itong durugin. At dudurugin nga nila 'yun at pipigain para 'yung pabango ay lumabas mula roon.

¹¹⁵ Kita n'yo, si Cristo, noong Siya'y narito sa lupa, Siya'y napaka ganda. Kanyang pinagaling ang mga maysakit. Kanya ring binangon ang mga patay. Walang tutumbas sa buhay Niya.

Siya'y napaka ganda. Pero upang kayo nga'y mapaging katulad Niya. . . Noong tumunghay ang Diyos, ang sabi Niya, "Ito ang Aking sinisintang Anak, Na Aking kinalulugdang mainam." Sabi, "Ang mga hain ninyo'y naging nakakasulasok na amoy sa ilong Ko, pero Heto ang Siyang Aking kinalulugdang mainam." Ngayon, Kanya ngang kinalulugdang mainam.

¹¹⁶ At upang mapaging kaluluguran tayong mainam sa Diyos, Siya'y kinailangang durugin sa Kalbaryo, at 'yung kasalanan ng sanlibutang ito'y nagbunsod na mapiga ang buhay, mula sa Kanya. At namatay Siya, na pasan-pasan ang mga kasalanan ng sanlibutan, para mapahiran tayo ng Rosa ng Saron. Siya ang Lila ng Libis. "Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsalansang," isang mabangong Samyo. "Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay tayo'y pinagaling," ang Lila ng Libis na nagbigay sa atin ng opyo, para pahupain ang ating karamdaman at sakit. Tunay na kay ganda't kamangha-manghang larawan!

¹¹⁷ Ngayon, ang punong saserdote, bago siya makapasok dun sa Kabanal-banalan sa lahat ng banal, ang unang bagay, siya'y kailangang nakasuot ng isang tiyak na kasuotan na partikular ang pagkakagawa. Di 'yun maaaring kung sino lang ang may gawa; kailangang gawa 'yun ng banal na kamay. Ipinapakita lang n'yan na itong mga kasuotan natin. . .

¹¹⁸ Heto nga ito! Ako. . . haya't bigla na lang itong dumating sa akin. Kapatid, kung ang suot-suot mo lamang ay kasuotang maka-iglesya, mainam na iwaksi mo 'yan; di ka kasi maaaring makapasok doon sa pinaka Kabanal-banalan sa lahat ng banal. Yung kasuotan na suot nung punong saserdote sa pagpasok, ay kinakailangan na gawa sa. . . ng banal na kamay, isang piling kasangkapan, amen, itinalaga ng Diyos. Hayan nga. Kaya kung umanib ka sa isang iglesya't iniisip mo na tama ka na, ikaw nga'y nagkakamali. Kita n'yo? Kinakailangan kasing ang suot ay Diyos mismo ang pumili. At itong basahan nating sariling-gawang pagkamatuwid ay di nga makatatayo sa Presensya Niya. Kinakailangan ng Espiritu Santo, na siyang kasuotan ng Diyos na suotan ang mananampalataya para makadako roon sa Kabanal-banalan sa lahat ng banal. Oh, napaka inam nga nun. Gustung-gusto ko 'yun. Bago po 'yun. Di pa ako nakakainom nang ganoon dati, pero, hayan nga, 'yan 'yung tinutukoy ko, 'yan 'yung tunay na bitamina. Kita n'yo? Kinakailangan ng—ng Espiritu Santo!

¹¹⁹ Tingnan n'yo 'yung talinghaga ng. . . Nagpunta sa hapunan ng kasalan, at lahat ng naroon sa hapunan ng kasalan ay dapat na nakasuot ng partikular na kasuotan. At may nakatagpo siya roon na isang lalaki na di nakasuot ng ganung uri ng kasuotan. At sabi niya, "Kaibigan, anong ginagawa mo rito? Papaano ka nakapasok?" Ngayon, kita n'yo, kung alam n'yo ang talinghaga. Dun kasi sa dakong Silanganan doon, sa Silanganang bansa, sa tuwing may idinaraos silang kasalan, haya't mapasa hanggang

ngayon, inaanyayahan ng lalaking ikakasal ang lahat ng nais lang niyang imbitahan.

¹²⁰ At ang Diyos nga'y . . . “Walang taong makalalapit sa Diyos, o makalalapit kay Cristo, maliban na tawagin muna siya ng Diyos.” Kita n’yo, isa ngang pagpili, ng Diyos. Ngayon masdan n’yo pong maigi.

¹²¹ At pagkatapos ito ngang lalaking ikakasal, sa oras na siya’y magbigay ng paanyaya, kinakailangan niyang maglaan ng mga balabal. At walang kahit sino . . . Dahil nga, nag-imbita siya ng mahirap, nag-imbita siya ng mayaman. Haya’t para papaging iisa ang itsura ng bawat tao, kinakailangan niyang maglaan ng iisang uri ng balabal na ipasusuot, na kung ano’yung suot ng mahirap, ’yun din ang sa mayaman. Nakukuha n’yo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

¹²² Ngayon, kapag bibigyan nga ng Diyos ang isang mahirap na tao ng Espiritu Santo, ’yun din ang siya ring Espiritu Santo na ibinibigay niya sa mayamang tao. Kita n’yo, kinakailangan na lahat sila dun ay pare-pareho. Nang sa gayon, kapag sila’y nagsidulog na sa Presensya ng Diyos, walang makapagsasabi, “Mas mainam ang kasuotan ko,” dahil ’yun kasi’y ang siya ring Dugo, ang siya ring biyaya, ang siya ring Espiritu Santo, na nagpapabunsod na ang pagkilos n’yo ay sa siya ring paraan. Ang mga mayayaman at mga mahihirap ay kinakailangan na dumulog nang pareho. Yun mismo ang ipinapahiwatig nung talinghaga. Pansinin.

¹²³ At pagkatapos nung magpunta na sila dala ang imbitasyon nila, sila . . . May mga balabal na ipinamamahagi sa may pinto. Tatayo’yung tao roon; ipapakita niya ang kanyang imbitasyon, na siya’y pumaroon at ipakikita niya ’yun. Ganoon mismo ang ginagawa nila sa India, maski ngayon. At, kaya, papapasukin na sila dun sa kasalan. Yung bantay-pinto ay nakatayo roon sa may pinto, ang namamahala ng sambahayan, at iaabot n’yo sa kanya ang inyong imbitasyon. “Siyanga, po.” Aabot sila rito sa likod, kukuha ng balabal, isa ngang balabal, at isusuot ’yun sa tao. Papasok na’yung tao. Ipinapakita nga n’yan na opisyal siyang naanyayahan, na opisyal siyang tinanggap, at ngayon isa na siyang kabahagi dun. Amen. Hayan kayo.

¹²⁴ Ngayon ang Diyos Ama, ang Espiritu Santo, lumabas nga’t nagbigay sa inyo ng isang imbitasyon para sa Hapunan ng Kasalan. Kita n’yo? Ngayon, responsibilidad na ng Nobyo, ibig sabihin, na maglaan ng mga balabal. At ginawa nga Niya, sa pamamagitan ng sarili Niyang Buhay, ibinigay ang Espiritu Santo. At magpupunta ka roon sa may pinto, amen, dala ang iyong imbitasyon. Sinabi ni Jesus, “Ako ang pinto ng kulungan ng mga tupa.” At sa pagpasok mo sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus, matatanggap mo ang bautismo ng Espiritu Santo. Tama po ba? Matatanggap ang Espiritu Santo, pagkatapos ay papasok

ka na, at magiging kabahagi ka na, bahagi ng pamilya ng Diyos. Isang kabahagi!

125 “Sinasabi mo bang, ‘Isang kabahagi?’” Siyanga. “Ako ba’y magiging alipin?” Hindi, po.

126 Ika’y magiging kabahagi. Hindi kayo mga alipin. Kayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae. “Tayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos,” bahagi ng pamilya ng Diyos. Grabe, oh, grabe! Marahil nakatira ako sa isang dampa, pero ako nga’y Dugong Maharlika. Hayan kayo. “Kabahagi ng sambahayan ng Diyos.” Yan ang Kasulatan. Yan ang sinasabi ng Kasulatan. “Ganoon ang pag-ibig na ipinagkaloob sa atin ng Ama, kita n’yo, upang tayo’y mangatawag na mga anak ng Diyos!” Oh, grabe! Hayan nga sila, ang pagiging bahagi.

127 Ngayon, ang punong saserdote, yamang napahiran, siya’y papasok dun, dala-dala niya ang dugo ng isang hayop, o kung hindi’y mamamatay siya.

128 At isa pa palang bagay, tungkol sa kanyang kasuotan. Alam n’yo ba, na dun sa laylayan ng kanyang kasuotan, alam n’yo ba kung anong nasa laylayan nun? May bagay siya na nakalagay sa laylayan nun. At bawat . . . May maliit na bagay na nakasabit dun, sa pinaka laylayan ng kanyang damit, at isa’yung bunga ng granada at isang kampanilya, at isang bunga ng granada at isang kampanilya.

129 At siya’y lalakad dun sa isang paraan sa kanyang pagpasok mismo roon. Di nga siya puwedeng humakbang na lang sa kung anong ibang paraan. Kinakailangan niyang lumakad sa isang partikular na paraan. Dahil, bawat beses na siya’y hahakbang, ’yung kampanilya’y kakalansing, tumatama dun sa bunga ng granada, “Banal, banal, banal ang Panginoon.” Pagkatapos maririnig ng Panginoon ang paglapit niya. Amen. Hallelujah!

130 Hayan nga. Naririnig ka mismo ng Diyos kung ikaw ba’y lumalapit sa inilaang daan ng Diyos sa iyong paglapit, dahil ika’y dapat na lumapit, na isinisigaw ng iyong puso, “Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat.” Hayan ngang lumalapit kayo, siyanga, na sa pagdulog mo, inaasam mo ang Espiritu Santo. Kita n’yo? “Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat.”

131 At heto nga, na ang kongregasyon, ang tanging paraan para malaman nila. . . Ngayon, kung papasok kayo roon, na di siya nadaramtan nang saktong kung papaano ba dapat, siya nga’y, mamamatay sa mismong—sa mismong pinto. Di na siya maka lalabas pa. Namatay na siya roon, kung pumasok siya na hindi, nadaramtan at napapahiran sa pagpasok niya. Ngayon. . . ang tanging paraan para malaman ng kongregasyon kung siya ba’y ayos pa, o hindi. Oh, naku! Ang tanging paraan para malaman ng naghihintay na kongregasyon kung ang punong saserdote’y ayos pa, o hindi, maririnig nila ang ingay ng mga kampanilya.

Kung may ingay sa loob, haya't dun nila malalaman kung siya ba'y ayos pa, o hindi na.

¹³² Iniisip ko nga kung hindi ba't ganyan din ang pagkilos nito sa ngayon. Kung pupunta ka sa isang iglesya, at ang lahat ay patay at tahimik, di ko po alam. Pero siya nga'y gumagawa ng ingay, alam n'yo, ipinapaalam niya sa mga tao na ang Diyos ay naroon pa rin sa may Luklukan, na ang Diyos ay tumutugon ng panalangin, na taglay pa rin ng mga tao ang Espiritu Santo; na sumisigaw ng mga papuri sa Diyos, niluluwalhati ang Diyos, gumagawa ng maraming ingay. Sasabihin ng kongregasyon, "Buweno, Siya'y marahil talagang narito. Isa kasi itong buhay na buhay na dako." Sa pagpasok natin sa Kabanal-banalan sa lahat ng banal, at sinasabi nating Cristiano tayo, kinakailangan may kung anong ingay na magawa. Di ko po ibig sabihin 'yung basta na lang, walang kabuluhang pagkakaingay. Ang ibig ko pong sabihin ay tunay, na totoong pagkakaingay. Ganoon nga. Ngayon masdan n'yo po rito.

Yamang, mga kapatid, na may kalayaan ngang pumasok sa dakong kabanalbanalan sa pamamagitan ng dugo ni Jesus,

Sa pamamagitan ng daang bago at buhay, hindi lumang batas, noong siya'y ipagkasundo para sa . . . sa pamamagitan ng tabing, sa makatuwid baga'y, sa kaniyang laman;

At yamang may isang dakilang saserdote na pangulo sa bahay ng Dios;

Tayo'y magsilapit na may tapat na puso at nang may lubos na pananampalataya, na ang ating mga puso na winisikan mula sa . . . masamang budhi, at mahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig.

Na ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pag-asa upang huwag magalinlangan; (sapagka't tapat ang nangako:)

¹³³ Talagang tinugaygay n'yan nang buo ang lahat-lahat. Oh, grabe! Gustung-gusto ko ito, pero sa palagay ko'y kailangan na nating tapusin. Haya't kung lalakad tayo patungo sa Diyos, huwag tayong tumungo roon, na sinasabi, "Buweno, ngayon, di ko sigurado kung maayos ba ang lahat. Ako—ako. . ." Isa ka bang Cristiano? "Buweno, ako'y—ako'y umaasa na ako nga." Hindi ganyan ang tamang paglapit.

¹³⁴ Kapatid, sampalatayanan mo ang pagkasaysay! Tanggapin mo 'yun, at maipanganak na muli. Pagkatapos lumakad ka dun na may dalisay na pananampalataya, na may pagkabatid, na, ang Diyos mismo ang nangako, at ang Diyos ay di magagawang magsinungaling. "Ipinangako sa akin ng Diyos ang Buhay na Walang Hanggan, kung sasampalatayanan ko ang Anak Niya,

na si Jesus Cristo. Sinasampalatayanan ko ito; at binigyan Niya ako ng Buhay na Walang Hanggan.”

135 Marami akong nagawang pagkakamali, maging ngayon ay nakagagawa pa rin ako, lagi nga akong makagagawa. Pero, sa tuwing makagagawa ako, sinasabi sa akin ng Espiritu Santo na mali ako. Pagkatapos magsisisi ako sa mismong oras na 'yun, “Panginoon, patawarin Mo po ako. Di ko sinasadyang magawa 'yun. Iyo pong tulungan ako ngayon.” At lalakad na ako, na pinapanatag na. Dahil, sa mismong sandali na mamutawi 'yun sa aking mga labi, “Kung ipagtatapat natin ang ating mga pagkakasala, Siya'y matuwid na patawarin ang mga ito.” Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hallelujah!

136 Sasabihin ng diyablo, “Alam mo ba? Sasabihin ko sa iyo. Di ba't ganito dapat ang ginagawa mo. Di mo naman ginawa. Uh-huh, nagkasala ka, hindi ba?”

Sasabihin ko, “Ipinagtapat ko na ito.”

“Buweno, sasabihin ko sa iyo . . .”

137 “Hindi, huwag kang makipag-usap sa akin. Manahimik, ka. Taglay ko na ang sakdal na pananampalataya sa Kanya na Siya mismong nagsabi sa akin na kung ipagtatapat ko ang aking mga kamalian, Kanya akong patatawarin. Kaya, ipinagtatapat ko na ito. Lubayan mo ako. Wala akong pakialam sa iyo, ano't anuman, kaya umalis ka na.”

138 Lumakad nang may kalayaan, patungo roon. Kung naroon ang kamatayan na nakatambad, ayos lang 'yun, sumulong ka mismo roon, nang may sakdal na pananampalataya, na, ang Diyos ay nangako na Kanyang “ibabangon ka sa huling mga araw.” Siyanga, po.

139 Gaya ng nababanggit ko sa inyo; di ko lang maalala kung nabanggit ko na ito sa inyo o hindi pa. Dito mga ilang araw pa lang ang nakararaan, bago ako nag-ibayong dagat, nakatayo ako, at si Gene at ako'y para bang ginagawa 'yung sinabi mo. Sinusuklay ko kahit papaano, 'yung, anumang buhok ko rito na natitira pa. Tumingin sa akin ang maybahay ko. Sabi niya, “Honey! Hum!” Sabi niya, “Siguro'y mabuti kung magsuot ka kaya nung inilalagay na buhok na ibinibigay nila sa iyo rito sa California.”

140 Sabi ko, “Honey, gustung-gusto ko naman sana, kaso para bang nahihya ako.”

141 Sabi niya, “Naku, Billy, talagang alagang-alaga mo pa rin 'yang . . . Ubos na halos 'yang buhok mo, hindi ba?”

142 Sabi ko, “Oo nga, tama ka. Pero,” sabi ko, “oh, hallelujah!”

Sabi niya, “Anong dahilan at napasabi ka ng 'hallelujah?’”

Sabi ko, “Ang totoo'y wala naman akong nawaglit ni isa.”

Sabi niya, “Wala kang nawaglit ni isa?”

143 Sabi ko, “Wala nga.” Sabi ko, “Kita mo, honey, patanda na ako nang patanda.” Sabi ko, “Kuwarenta y singko anyos na ako.” Sabi ko, “Isa na akong matandang lalaki,” Sabi, “Di na ako. . . Naku,” sabi ko, “Tumatanda na talaga ako. Ako. . . Di na mahalaga sa akin kung ako ba’y nakakalbo na o ano. Di na ’yun mahalaga sa akin, basta’t di lang ako, madaling tamaan—tamaan ng malubhang mga sipon. Siyanga.”

144 Tapos sabi niya, “Buweno. . .” Sabi ko. . . Pero sabi niya, “Buweno, di ba’t ikaw. . .” Sabi, “Hindi ba’t sabi mo walang nawawaglit diyen sa buhok mo.”

145 Sabi ko, “Di nga sila nawawaglit. Haya’t,” sabi ko, “sinabi mismo ni Jesus, ‘Ni isang buhok sa iyong ulo ay di mawawala.’” Kita n’yo? Kita n’yo?

Sabi niya, “Ang ibig mo bang sabihin. . . Buweno?”

146 Sabi ko, “Honey, sa pagkabuhay na mag-uli, sa pagbangon ko, ako’y magiging batang-batang binata gaya nung ikinasal tayo; tuwid ang balikat, walang kulubot, itim na paalon-alon ang buhok.” Sabi ko, “Ganoon nga ang magiging itsura ko uli.” Siyanga, po. Sabi ko, “Kaya di ko talaga naiwaglit ang isa man sa mga buhok ko.”

Sabi niya, “Buweno, buweno, saan sila napunta?”

147 Sabi ko, “Tatanungin kita ng isang bagay, at pagkatapos, kung nasagot mo ang tanong ko, sasagutin kita.”

Sabi niya, “Ano ’yun?”

Sabi ko, “Saan sila naroon bago ko sila nakuha?”

Sabi niya, “Buweno, sa palagay ko’y Diyos na ang. . .”

148 Sabi ko, “Doon nga rin Niya ipinunta ang mga ’yun, doon din.” Sabi ko, “Naroon pa rin ang mga ’yun. Bawat bitamina na naroon sa mga ’yun, bawat selula ng buhay na naroon sa mga ’yun, bawat atom na naroon sa mga ’yun, bawat katiting na petrolyo na naroon sa mga ’yun, bawat katiting na liwanag na ginamit para likhain ang mga ’yun, nasa mga kamay na mismo ng Diyos ang mga ’yun. Wala ni isa sa mga ’yun ang nawala. Ang mga ’yun, bawat isa, ay nasa kung saan sa mga kamay ng Diyos.”

149 Tinitingnan ko nga po, ’yung mga mata ko’y nananamlay, lumalaylay ang ilalim, may malalaking mga kulubot na sa noo ko. At kung minsan pa nga’y kailangan kong paliitin ang mga mata ko, para lang mabasa itong Biblia ko. At sinabi ng doktor na perpekto naman ang aking paningin, twenty-twenty, pero sabi, “Kapag lumampas ka na ng kuwarenta anyos, ’yung mga bola ng mata mo’y iimpis talaga, at di ka na makakabasa nang malapit.”

Sabi ko, “Oo nga, po, ganoon na nga po.”

150 Sabi niya, “Ilalayo mo nang ilalayo mo ang Biblia mo, at ang Biblia mo nang mas malayo.” Sabi, “Maya-maya na n’yan, hanggang *dito* na ang aabutin mo.”

151 Sabi ko, “Siguro’y gagamit na lang ako nung may mas malalaking letra, o parang ganun.”

Sabi niya, “Buweno, natural lang naman talaga ’yan.”

152 “Kung tatanawin ko nga ’yung nasa ganoong kalayo *roon*, haya’t makikita ko pa rin ’yung buhok na nakalagay dun sa may paskil.”

153 Sabi niya, “Buweno, kuwarenta anyos ka na kasi, ginoo.” Sabi niya, “Yung—yung bola mo nga sa mata ay kung tutuusin talagang . . . Kagaya ng buhok mo na nag-uuban, at kung ano pa,” sabi, “talagang pagdadaan mo talaga ’yung ganoon.”

Sabi ko, “Uh-huh.” Huh!

154 Nakita ko ngang lahat ito. At napansin ko ’yung balikat ko, at hukot-balikat na talaga ang tayo ko. Dati’y para ba akong kabataan at maliksing-maliksi. Tumataba na po ako ngayon. Apatnapung libra ang nadagdag sa akin, na timbang. At ako nga po’y may patag na paa, sa simula’t sapul, at kaya ngayon napakahirap na maglakad-lakad. Bigla na lang may pananakit at kung anu-anong kirot. Buweno, tumatanda na kasi ko, ’yun nga ’yun.

155 Di ko naman kailangan na ngayon itong lahat ng kakisigan ko na mayroon ako noon, pero haya’t di ko naman nawaglit ang kahit isa man nun. Bawat metro na naroon sa kanila, sa balat, na pinaging kabataan ako noon, nasa Diyos pa rin mismo ang mga ’yun. Siyanga.

156 At itong lumang katawan na ito, ay kayang-kaya kung sa kaya pa rin naman, ’yun lang ’yun. Darating ang panahon, tatanda na ito’t kukulubot, at siguro’y parang magiging ganoon tulad sa mga Harvey, sa pamilya ng nanay ko. Na, sinasabi nila na mas mana ako sa Harvey. Lahat sila’y nagkaroon ng palsy. Lahat kayo’y naalala n’yo siguro ang lolo, ’yung nagtayo ng simbahan sa dako rito, alam n’yo. Lagi siyang may panginginig, talagang nanginginig nang *paganoon*, kita n’yo, at may palsy.

157 Napansin ko nga ang kaawa-awa kong matandang nanay, nung isang araw. Siguro’y wala naman siya rito, haya’t. . . [May isang kapatid na babae sa kongregasyon ang nagsasabi, “Heto po, narito siya.”—Pat.] Oh, di ko alam kung. . . Buweno, hayan nga, nung isang araw hahawakan na niya ’yung tasa ng kape, at ang kaawa-awa pong matanda kong nanay ay nanginig nang *paganoon*, at ’yung matatanda niyang mga kamay ay parang gumanoon. At nakita ko ’yung mga kulubot na nakalaylay na nang paganoon. Sa isip-isip ko, “Oh, mahabag!” Mabuti na rin siguro na nasabi ko ’yun. Nakaupo nga siya riyan, kita n’yo. Sabi, “Di ako. . . ? . . .” At ayos lang naman ito sa kanya. Pero,

at tingnan n'yo, 'yung puso ko'y para bang lulundag palabas ng bibig ko. Ibinaling ko ang ulo ko. Sa isip-isip ko, "Diyos, 'yung mga kamay na 'yun ay ilang beses bang pumawi ng mga luha sa mata ko, at ngayon siya'y may palsy na, nanginginig!" Sa isip-isip ko, "Siyanga't, papunta na, rin ako, dun balang araw, na magiging ganoon din ako, kung mabubuhay pa ako."

¹⁵⁸ Pero, kapatid, isa sa mga araw na ito, ako nga'y bigla na lang. . . Ang matatandang mga ruweda ng mortal na buhay ay bigla na lang ganap na hihinto. Kapag huminto na, paroroon na ako sa burol ng Zion, para mabuhay nang mahaba sa dako Roon. Siyanga, po. Lahat nitong matatandang mortal na mga bagay! Oh, alalahanin, sinabi ng makata:

There waits for me a glad tomorrow,
Where gates of pearl swing open wide,
And when I cross this vale of sorrow,
I'll camp upon the other side.

Some day beyond the reach of mortal ken,
Some day, God only knows just where and
when,
The wheels of mortal life will all stand still,
Then I shall go to dwell on Zion's hill.

Swing low, sweet chariot,
Coming for to carry me Home;
Swing low, sweet chariot,
Coming for to carry me Home.

¹⁵⁹ Siyanga. Magsisimulang tumambad ang ulap sa harap ng aking mukha, marahil mapapasugod ang doktor at magsasabi, "Buweno, Billy, bibigay na siya." Oh, grabe! Alam ko na ang matandang maitim na silid na 'yun ay naroon sa ibayo, at ang puso ko'y marahil pipintig-pintig, sa pagtungo ko roon. Ayaw kong yumao na ako'y naduduwag. Gusto kong ibalot ang aking sarili sa mga balabal ng Kanyang katuwiran, na nababatid ito, na napagkikilala ko Siya sa Kapangyarihan ng pagkabuhay Niyang mag-uli. At balang araw sa oras na Siya'y tumawag, babangon ako mula sa mga patay, at mabubuhay kailanman.

¹⁶⁰ Ang makilala si Cristo ay ang makilala ang Buhay. Tama. At di ko alintana, di ko man kabisado ang aking ABC, haya't ang nais ko'y makilala si Cristo. Tama. Marahil wala man lang akong nalalaman tungkol sa lahat ng mga teolohiyang ito, pero ang nais ko'y makilala si Cristo. Marahil wala akong alam man lang tungkol sa Presidente, at kung siya ba'y mabuting tao o masamang tao. Ang nais kong makilala ay si Cristo. Tama. Ang makilala si Cristo ay Buhay. Tama. Haya't ang makilala ang Presidente at ang makilala pa ang iba, ay karangalan, at itong makilala ang mga sikat at kung sino pa. Pero di ko iniintindi 'yan. Ang nais kong makilala ay si Cristo sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, na may kabatiran na, na sa

gabing ito, “isang Dakilang Saserdote ang nakaupo sa kanan ng Diyos, sa Kanyang kamahalan Doon, na namamagitan.” At kaya naman, hangad kong ingatang matibay ang pagkakilala na ’yan!

¹⁶¹ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . -rap nila’y labing-tatlo na iba’t ibang relihiyon, na sumasamba sa ahas at sumasamba sa baka, at lahat na. Sabi ko, “Mga nagpipitagang kalalakihan, ng mga relihiyon ng mundong ito, ano bang puwedeng magawa ng relihiyon n’yo para sa kaawa-awang bulag dito na nakatayo rito?” Hayun nga siya, tumitig sa araw nang dalawampung taon. Isa siyang ganap na bulag. Sabi ko, “Ano bang puwedeng magawa ng relihiyon n’yo para sa lalaking ito?” Wala ngang kahit ano sa buong mundo ang makakapangakong magkaloob sa kanya ng kung anong pambihirang bagay na lilitaw mula sa ibayo, na magsasabi, “Siguro balang araw, kakaawaan siya ni Mohammed at ililigtas ang kaluluwa niya.” Marahil, maiisip n’yo pa, “kung tititig pa siya sa araw, nang tuluy-tuloy, at itutuon lang ang kanyang ulo sa direksyon na ’yun, kapag siya’y namatay, siya’y maliligtas.”

¹⁶² Sabi ko, “Wala ngang maipagkakaloob ang sinuman. Pero ang Dugo ni Jesus Cristo, hallelujah, ay di lang magkakaloob ng Buhay na Walang Hanggan, pero mapapatunayan pa mismo rito sa inyong harapan, na puwedeng maipanunumbalik ang dating paningin ng lalaking ito na taglay niya noon.” Sabi ko, “Kung gagawin Niya ’yan, kayo ba na mga nagpipitagang mga kalalakihan, ng mga relihiyon sa mundong ito. . .” Nung oras ngang ’yun, nasa makailang daang libo-libo ang nakakapakinig nun, at nagkatipun-tipon dun. Siyanga’t, di ko kayang dumako sa bawat isa roon na ganoong karami, na nakikinig dun, dahil limitado lang ang kaya mong tingnan. Pero sabi ko, “Inyo bang tatanggapin si Jesus Cristo kung gagawin Niya ito?” Itinaas nila ang mga kamay nila, hayun nga ang itim na mga kamay sa ere, tatanggapin nga nila. Sabi ko, “Dalhin n’yo na, ang lalaki na ito rito.”

¹⁶³ Nung lumakad na dun ang lalaki, sabi ko, “Ginoo, isa po kayong bulag. At kung ipanunumbalik mismo ni Jesus Cristo ang iyong paningin, maipapangako mo ba na paglilingkuran mo Siya?”

¹⁶⁴ At sabi niya, “Iibigin ko si Jesus Cristo, at wala na akong ibang Diyos na sasambahin kundi Siya. Kung ipagkakaloob Niya muli ang aking paningin, mapagkikilala ko na bumangon talaga Siya mula sa patay.”

¹⁶⁵ Ipinatong ko na ang mga kamay ko sa kanya. Sabi ko, “Minamahal na Diyos, ang mga ito’y mortal na mga kamay, ng taong may paggawa pa rin, isang makasalanang tao; pero kung Ikaw po’y naghahanap ng banal na mga kamay, sino po ba ang maaaring mayroon nun? Pero heto po ako na dumudulog ayon sa pagganap ng pananampalataya, na Iyo pong sinabi sa aking

gawin. At ako po'y dumudulog, di upang ipakita na magaling ako, o makapagyabang, pero ako po'y dumudulog dahil Iyong sinabi na sa pamamagitan ng mga 'yun ay matutupad ito. At ako po'y nananampalataya sa Iyong Salita. At ngayon habang narito ang libo-libo, na nakatayo hanggang sa pinaka gilid, at sumasamba sila sa mga diyus-diyosan at lahat na, nawa'y sa gabing ito'y mapagkilala na nga mismo na Ikaw ang totoo at buhay na Diyos na nagbangon kay Jesus Cristo mula sa patay, sa pagkakaloob sa lalaking ito ng kanyang paningin."

¹⁶⁶ At 'yung lalaki, may mga luhang umaagos sa pisngi niya, sabi niya, "Nakakakita na ako." At doon sa buong kahabaan ng gusali'y nagtatakbo siya, sa abot ng kanyang makakaya, na kamit na ang kanyang paningin. Oh, grabe!

Sadyang biyayang kamangha-mangha! ako ay
naantig nang aking marinig,
Na ang tulad kong kapus-palad ligtas kahit di
karapat-dapat!
Ligaw man ako noon sa daan, (naroon, sa mga
karera ng kabayo't lahat na, tuwing Linggo);
Ligaw man ako noon sa daan, subalit ngayon
ay nasumpungan
Dating pinid ang mga mata, subalit ngayon ay
nakakakita.

¹⁶⁷ Tingnan n'yo, kapatid, ito 'yung mainam, na makalumang Espiritu Santong relihiyon.

Biyaya ang nagturo na matakot yaring puso,
Sa biyaya rin panlulumo dagling naglaho;
Wala na ngang maitutumbas sa biyaya Niyang
ipinamalas
Nang mga oras ngang iyon pananampalataya
ko'y tuon! (Siyanga, po! Oh, grabe!)

Sa pagdako natin doon nang sampung libong
taon,
Pagsinag ay maliwanag na araw ang katulad;
Panahon nati'y di iiksi sa pagbubunyi ng
Kanyang papuri
Anupa't tayo'y laging parang nagpapasimula
pa lamang. (Oh, grabe!)

Sa maraming panganib, pagpapagal at
patibong sa daan,
Lahat ng mga iyan ay akin na ngang
napagtagumpayan;
Sapagkat biyaya ang siyang nagturo sa akin, o
nagdala sa akin, sa kaligtasan,
Biyaya rin ang patuloy na magdadala sa akin
sa walang hanggan. (Oh, grabe!)

168 Ganoon na lamang ang pag-ibig ko sa Kanya! Sadyang sa Kanyang biyaya, wala nga akong kayang gawin. Wala akong kayang gawin. Wala kayong kayang gawin, Pero, tayo, na mga dumudulog ngayong gabi, bilang mga Cristianong kalalakihan at kababaihan, ipinagtatapat na tayo'y di karapat-dapat, at tinatanggap Siya bilang ating. . . sa lugar natin. Tinatanggap ang Siya na 'yun na. . . Alam ko, na kung papaanong totoo na tinanggap Siya ng Diyos at ibinangon Siya, ako'y Kanyang ibinangon sa unang paglalarawang anyo, kasabay ng Kanyang pagbangon kay Cristo. Amen. Oh, kailangan ko nang huminto. Pero, tingnan n'yo. Sa unang paglalarawang anyo, Kanyang ibinangon ako kasabay ng Kanyang pagbangon kay Cristo. Kanyang ibinangon kayo kasabay ng Kanyang pagbangon kay Cristo, dahil 'yun ang ating pag-aaring ganap.

169 Tingnan n'yo, kung kayo'y niligtas, haya't nakamit n'yo Ito. "Yaong mga inilaan Niya, o tinawag, Kanyang inaring-ganap. Yaong Kanyang inaring-ganap, Kanyang niluwalhati na kay Cristo Jesus." Tama po ba? "Kanyang niluwalhati," na, "kay Cristo," sa mga mata ng Diyos, Na naroon na noon pa man, milyun-milyong taon bago pa nagkaroon ng mundo, nung ang Salita ay nasa Diyos. Iyon nga'y kaisipan ng Diyos, na naging Kanyang Salita, na nagkaroon ng katuparan doon. At doon sa mismong pagtanggap Niya kay Cristo, ako'y tinanggap Niya kay Cristo. At doon sa ibayo, sa daigdig na parating, haya't kasama kayo at ako at lahat ng mga Cristiano sa lahat ng mga kapanahunan, ay iibigin Siya't mabubuhay kasama Siya, at magtatamasa ng walang katapusang Walang Hanggan kasama ang ating Panginoong Jesus Cristo, ang ating pinagpalang Manunubos. Oh, grabe!

170 Kapatid na Roberson, talagang pinararamdam n'yan sa akin na isa akong binagong tao. Kita n'yo? Hindi po ba't itong ganitong makalumang, pagbabasa lamang ng Salita ng Diyos, ay talagang kukuskusin kayo nang husto? Kita n'yo, talagang kinukuskos kayo nang husto!

171 Katulad ng ginagawa ni nanay noon, pagsapit ng panahon ng pagprepreserba ng mga prutas sa garapon. Kinakailangan na ihanda sa pag-iimbak 'yung mga garapon ng prutas, alam n'yo, lalamnan sila ng mga pampreserba't iba pa. Inuutusan niya ako noon na magpunta roon at kuskusin 'yung mga 'yun, nang talagang ibayong pagkukuskos sa abot ng makakaya ko gamit ang isang lumang basahan. Maliit kasi ang kamay ko, kaya kasyang-kasya hanggang sa pinaka loob at makukuskos ko talaga. At pagkatapos kukunin na ni nanay ang mga 'yun at pakukuluan. Ibababad sa kumukulong tubig, at pakukuluan. Pakukuluan nang husto sa abot ng makakaya niya, 'yung mga garapon. Di ko maintindihan noon kung bakit pinakukuluan ni nanay ang mga 'yun. Pero gusto pala ni nanay na matanggal ang lahat ng mga mikrobyo dun sa mga 'yun. Dahil, kung may

mikrobyo 'yun, ang mangyayari dun sa prinepreserba, o dun sa bagay na ilalagay niya roon sa loob, haya't mangangasim 'yun.

172 Kaya 'yan mismo ang kailangan nating gawin sa paglapit natin kay Cristo. Sadyang magpakababad dun hanggang sa ang Espiritu Santo'y linisin tayo nang husto't pakuluan sa atin paalis ang lahat, tapos mailalagay na ng Diyos ang Espiritu Santo roon, nang walang mangyayaring pangangasim, kita n'yo. Kanyang ilalagay Ito mismo roon, at kayo'y mananatiling matamis sa lahat ng pagkakataon.

173 At si nanay nga'y madalas magluto ng mga prinepreserba noon. Nakakita na ba kayo nung malalaking lumang kawa? Pupunta ka dun sa labas at ipupuwesto 'yun sa tumpok ng mga bloking semento, alam n'yo, at sasalangan n'yo 'yun ng kahoy sa ilalim nun nang paganoon. Uh! Nasubukan ko na noon. Sa panahon na lulutuin na 'yung iprepreserba, ihahanda namin 'yung maliliit, na ordinaryong, dilaw, na bungang kamatis. At magsasalin si nanay ng marami-raming buhos nun, at lalagyan ng asukal 'yun. Uh! At—at utusan niya ako na magputol ng kahoy, alam n'yo. At—at pupunta ako't magpuputol ng kahoy at igagatong ko 'yun sa ilalim nun, alam n'yo, at magsisimula na 'yung—'yung kumulo. Sisingaw na 'yung init. Sasabihin ko, "Nanay, di pa po ba tapos 'yan?"

Sasabihin niya, "Hindi pa. Sige't pumutol ka pa ng kahoy dun sa bakod."

174 Hayan nga't paparating uli ako, alam n'yo, at dagnas pawis ako, at igagatong ko 'yun sa ilalim nun doon. At sasabihin ko, "Nanay, sa tingin n'yo po sapat na 'yan?"

"Siguro'y kumuha ka pa ng marami."

175 At pakukuluan niya 'yun nang husto hanggang sa ang mga 'yun, alam n'yo, 'yung—'yung oxygen o kung ano'y pupunta dun sa ilalim, at papuputukin 'yun, alam n'yo, "paw, paw," parang ganoon, puputok. Kapag ganoon na, sabi ni nanay puwede na 'yung iimbak. Talagang sagad na sagad ang init nun, na di mo nga kayang tagalan 'yun, at mapapatalon ka na lang, kita n'yo.

176 Kaya sa palagay ko sa ganoong paraan din tayo ibubunsod ng Diyos, alam n'yo, na talagang pakukuluan nang husto ang lahat ng diyablo palabas sa inyo hanggang sa magpatalon-talon na kayo sa kaluwalhatian. Tapos puwede na kayong iimbak. At seselyuhan na kayo ng Diyos, alam n'yo. Haya't 'yan po mismo ang kailangan natin dito, ang isang mainam na makalumang pagtitipon, na anupa't ang lahat—lahat ng pagkagalit, lahat ng di kawangis ni Cristo, ay pakukuluan hanggang sa maalis, kita n'yo. Talagang pakukuluan paalis hanggang sa dumulog kayo, "Panginoon, patawad po." "Kapatid, patawad po. Di ko sadya na gawin 'yun. Di ko na—di ko na uulitin uli." "Oh Diyos, Ika'y mahabag sa akin!" Diyan nga'y, handa na kayong maimbak, kita n'yo. Hayan na mismo ang Diyos na handa nang magamit

kayo. Kapag ibabalik n'yo 'yung mga bagay, na ninakaw n'yo, alam n'yo, at itutuwid 'yun, magsasabi, "Kapatid, di ko sadya na nakawin 'yun, alam mo. Hindi, po. Ako—ako nga'y handa na kahit . . . Ako'y—ako'y magbayad ng doble para rito." Kita n'yo? Sa punto ngang 'yan ay naitatama na kayo, hayan nga, alam n'yo. Siyanga. Yan mismo ang kailangan natin. Oh, grabe!

¹⁷⁷ Sige po't aawitan ko kayo ng *The Old-time Religion*, kung gusto n'yo. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Awitin 'yung talata, aawitin ko 'yung talata. Kayo ang umawit nung koro, sige po.

Is the old-time Holy Spirit,
And the devil won't go near It,
That's the reason people fear It;
But It's good enough for me.

Give me that old-time religion,
Give me that old-time religion,
Give me that old-time religion,
And It's good enough for me.

It will do when I am dying;
It will make you stop your lying;
It will start the devil flying;
And It's good enough for me.

Give me that old-time religion,
Give me that old-time religion,
Give me that old-time religion,
And It's good enough for me. (Kita n'yo?)

It's so good I want no other,
For It makes me love my brother;
And It brings things from under cover,
And It's good enough for me.

Give me that old-time religion,
Give me that old-time religion,
Give me that old-time religion,
And It's good enough for me.

¹⁷⁸ Ngayon, ilan po rito sa atin ngayon ang kamit na itong makalumang relihiyon? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin:

I got that old-time religion,
Got that old-time religion,
Got that old-time religion,
And It's good enough for me.

¹⁷⁹ Ngayon, Amang, Minamahal, kami po'y kung minsan . . . At talagang kapag nagagalak kami ay talagang parang kumikilos kami na parang maliliit na bata. Dahil 'yan sa kami'y malaya. Wala na kami sa gapos ng kasamaan, o ng anumang tradisyon, o ng anumang mga bagay-bagay ng mga matatanda. Haya't kami po'y malaya na mismo sa Espiritu Santo, na nagagawa na po

naming makaawit at nakapagpuri sa Iyo, at magpisan-pisan sa palibot ng Salita, at magkaroon ng kagalakan sa amin. Dahil po ryan, ay pinupuri Ka namin, Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Oh, matapos na makita namin ang lahat ng kaguluhan ng mga relihiyong pormal, at lahat na ng klase ng pagsamba sa diyus-diyosan; at ang mapagtanto na Ikaw po'y napakabuti, sa akin, para mapagkilala Kita sa Kapangyarihan ng pagkabuhay Mong mag-uli, at ang magkaroon ng oportunidad na masabi ko ito sa iba. Kami po'y talagang nagagalak.

¹⁸⁰ Iyo pong pagpalain ang munting iglesyang ito, ngayong gabi, Ama. Iyo pong pagpalain ang bawat isang narito. Kung may mga baguhan po sa aming mga pintuan, Iyong pagpalain sila, Ama, bawat isa. Iyong gawin kaming mga pagpapala sa iba. Iyong panatilihin ang Kapangyarihan ng Diyos sa amin. Iyong papaging banalin ang amin pong mga kaluluwa mula sa masasamang pag-iisip. At kung may kasamaan man na dadako sa aming daan, nawa'y maibaling namin ng mabilis ang aming mga ulo, Panginoon, at lumakad sa kabilang direksyon.


¹⁸¹ At ngayon, Ama, dalangin namin na Iyong pagpalain kami na magkakasama, sa gabing ito. Magbunsod Ka po sa amin ng maluwalhating panahon. At ngayon, sa pagtawag po namin sa mga maysakit at nagdadalamhati, dalangin namin na Iyo pong pagagalingin ang bawat isa sa kanila. Ang kaluwalhatian po nawa'y . . . Lumukob nawa ang kaluwalhatian sa lahat ng mga nagawa't nasabi, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo.

¹⁸² At habang nakayuko ang ating mga ulo, kung mayroon po sa inyo rito, na nagnanais magsabi, "Kapatid na Bill, dito po sa aking sariling kaluluwa mismo ngayon, nais ko—nais ko pong dumulog sa mismong tinatanggap na pamamaraan ng Diyos, at inilaang daan. At nais ko pong hilingin sa iyo, habang walang ibang nakatingin, itataas ko po ang aking kamay at sasabihin, 'Kapatid na Bill, ipanalangin mo ako, na pagkalooban ako ng Diyos ng biyaya Niya't ibunsod ako na maging mas mainam pang Cristiano.'" Magagawa mo bang itaas ang iyong kamay? Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw, ikaw. Mainam 'yan. Sige.

¹⁸³ Ama, Iyo pong nakikita ang kanilang mga kamay, at dalangin ko na Iyong ipagkakaloob ang mga pagpapalang ito. Nawa'y ang Iyong pag-ibig at biyaya'y mapasa kanilang lahat. At kung sila'y nagkasala, o may nagawa man sila, hayan po, Ama, na idinadalangin ko na Iyo po silang patawarin. Kung mayroon po sa kalagitnaan namin, ngayong gabi, Ama, nasaan man sila ngayon sa gusali, lalaki o babae, kabataang lalaki o kabataang babae, na di pa mismo ligtas, at nasa ilalim dapat ng Dugo, Ama, dalangin ko na Iyo pong gagawin na ito ngayon, at sila nawa'y maging mga mananampalataya na.

¹⁸⁴ At Ikaw po ang nagsabi, “Kung makasampalataya ka.” At ano bang sinasampalatayanan namin? Nananampalataya na ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak dito sa lupa, at pinaging sa kasalanan, para humalili sa amin. At wala pong kaaya-aya sa amin, at inihahayag po mismo namin na di kami kaaya-aya; at tinatanggap Siya bilang aming Tagapagligtas. Yan po mismo ang aming sinasampalatayanan, Ama. Dahil po rito, nagbigay Ka sa amin ng Buhay na walang hanggan. Oh, napaka ligaya namin! Sinabi Mo na Iyong ibinigay Ito sa amin dahil kami’y sumampalataya sa Iyong Anak. At sinabi ni Jesus, Mismo, na kung sasampalataya kami sa Kanya, ay may walang hanggang buhay kami. Kaya naman, lubos-lubos ang pasasalamat namin para rito.

¹⁸⁵ Ngayon, Iyong pagpalain kami, ngayong gabi, at patawarin ang bawat pagkakasala. At nawa’y wala ni isa, na naparito sa pagtitipon na ito ngayong gabi, ang mawaglit, bagkus sila nawa’y magkamit ng buhay na walang hanggan, dahil sila po’y nagkatipon dito ngayong gabi at nanampalataya sa Iyo. At, Ama, dalangin ko na sila po’y Iyong babantayan ngayon, at sila’y pagpapalain sa lahat ng kanilang gagawin o sasabihin. At sila nawa’y makalapit sa Iyo nang may kapayapaan, sa huling mga araw. Nawa kami’y magkatipon-tipon sa Dako na ’yun, at magunita ang gabi na ito, sa aming pagsasama-sama. Iyo pong ipagkaloob ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

¹⁸⁶ Pagpalain kayo ng Diyos, mga minamahal kong kaibigan. At ngayon lalapit na po rito si Teddy sa may piyano. At sa inyo po na kinakailangang maipanalangin, kung magagawa n’yong dumako rito nang sama-sama sa may altar, nang madali. May ilang mga minuto na lang tayo. Sinisikap po natin na makaalis dito ng alas nuwebe trenta, kaya lumapit na po rito. Buweno, may liham po ako rito na dapat basahin, may nagpadala po nito sa akin dito. Marahil mahalaga na mabasa ko ito mismo ngayon. Kaya naman. . . At sige’t ang iba sa inyo’y manatili na lamang po sa kanilang kinauupuan, habang pumaparito ang mga ipapanalangin. Alam ko na si Kapatid na babaing Ruddell ay naparito para maipanalangin. Kung mayroon pa, sige po . . . 

BATAS O BIYAYA TAG54-1006
(Law Or Grace)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Oktubre 6, 1954 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org